Bilang ng Modyul: 2	**Modyul 2:** Sandigan ng Lahi…Ikarangal Natin!	**Bilang ng Sesyon:** 7linggo

Paalala:

Itong **Gabay ng Guro** ay magsisilbing gabay ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang 8. Naglalaman ito ng kumpletong mga mungkahing gawain para sa bawat aralin at estratehiya na maaring gamitin ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa limang araw na panturo sa loob ng 50 minuto bawat sesyon. Iminumungkahi na higit na pagyamanin ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya na nakapaloob dito batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral upang sa gayo'y higit nilang maunawaan ang bawat aralin at Gawain sa Modyul 2.

Modyul Para sa Sariling Pagkatuto	**Gabay sa Pagtuturo ng Modyul Para sa sariling pagkatuto**
I. Panimula at Mga Pokus na Tanong	Upang magkaroon ng kahandaan at bigyang pansin ng mag-aaral ang mga aralin, sabihin sa kanila ang pag-unawa na lilinangin sa kanila pagkatapos ng lahat ng araling nakapaloob sa Modyul 2, gayundin naman ang inaasahang pagganap na kanilang isasagawa pagkatapos ng mga araling nakapaloob dito.

Pamantayang Pangnilalaman sa Pagtatapos ng Modyul 2:	**Pamantayan sa Pagganap sa pagtatapos ng Modyul 2:**
Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa ilang akdang pampanitikan tulad ng balagtasan, dula, sanaysay at maikling kuwento na lumaganap sa panahon ng Amerikano hanggang sa kasarinlan upang maunawaan ang kultura at kalagayang panlipunan ng mga Pilipino sa mga panahong ito.	Ang mag-aaral ay nakabubuo ng sariling paglalarawan ng kulturang Pilipino sa tatlong panahon- ang Panahon ng Amerikano, Panahon ng Komonwelt, at Panahon ng Kasarinlan sa masining na paraan na nagbago, nawala at nananatili pa rin sa kasalukuyan.

Pokus na Tanong para sa Modyul 2:	**Mahalagang Konsepto para sa Modyul 2:**
Bakit mahalagang pag-aralan ang panitikan sa iba't ibang panahon? Paano naging sandigan ng mga Pilipino ang panitikan?	Mula noon hanggang ngayon, ang panitikan ay salamin ng lahi at kultura ng mga Pilipino. Naging daan ng mga manunulat sa pagpapahayag ng kanilang saloobin, opinyon at katuwiran ang panitikan.

Ibigay ang mga pokus na tanong sa mga mag-aaral. Maaari itong nakasulat sa kartolina o *manila paper* na nakapaskil sa gilid ng pisara na makikita ng mga mag-aaral hanggang sa pagtatapos ng pagtalakay sa buong modyul na ito. Maaaring ipasagot ang mga ito sa isang papel. Itutupi ang mga ito at ihuhulog sa iyong ginawang *drop box.* Huwag munang ibigay ang tamang sagot sa mga mag-aaral. Hayaang sila ang makatuklas sa wastong sagot sa pag-aaral sa modyul.

II. Ang Mga Aralin at Ang Saklaw Nito
Mga Aralin sa Yunit

Aralin 2. 1: **Ang Panitikan sa Panahon ng Amerikano**

Aralin 2.1.1: a. Panitikan: Balagtasan
"Bulaklak ng Lahing Kalinislinisan"
ni Jose Corazon de Jesus
b. Wika: Opinyon o Katotohanan

Aralin 2.1.2: a. Panitikan: Sarsuwela
"Walang Sugat" ni Severino Reyes
b. Wika: Kaantasan ng Pang-uri

Aralin 2.2: Ang Panitikan sa Panahon ng Komonwelt

Aralin 2.2.1: a. Panitikan: Sanaysay (Talumpati)
"Wikang Pambansa" ni Manuel L. Quezon
b. Wika: Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag

Aralin 2.2.2: a. Panitikan: Maikling Kuwento
"Lupang Tinubuan" ni Narciso G. Reyes
b. Wika: Kayarian ng Pang-uri

Aralin 3: **Ang Panitikan sa Panahon ng Kasarinlan**

Aralin 2.3.1: a. Panitikan **:** Maikling Kuwento
"Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata"
ni Genoveva Edroza Matute
b. Wika: Aspekto ng Pandiwa

Aralin 2.3.2: a. Panitikan: Dula
"Sinag sa Karimlan" ni Dionisio Salazar
b. Wika: Pagsang-ayon at Pagsalungat

Sa pagtatapos ng bawat aralin, ikaw ay inaasahang:

Aralin 2.1 – Makapagpapamalas ng iyong pag-unawa sa balagtasan at sarsuwela na lumaganap sa Panahon ng Amerikano na sumasalamin sa kultura at kalagayang panlipunan ng mga Pilipino mula noon hanggang sa kasalukuyan.

Aralin 2.2 – Makapagpapamalas ng iyong ang pag-unawa sa sanaysay at maikling kuwento na lumaganap sa Panahon ng Komonwelt upang mapahalagahan ang kultura at kalagayang panlipunan ng ating bansa sa panahong naisulat ang mga ito.

Ipakita sa mga mag-aaral ang bahaging ito na nakasulat sa pisara, kartolina o *manila paper*. Maaari rin namang sa pamamagitan ng *power point presentation.* Bigyan ng pagkakataong kopyahin ito ng mga mag-aaral sa kanilang kuwaderno upang mapaghandaan nila ang mga araling tatalakayin.

Ipaalam din sa mag-aaral ang inaasahan sa kanila sa pagtatapos ng pagtalakay sa bawat aralin.

Aralin 2.3 – Makapagpapamalas ng iyong pag-unawa sa maikling kuwento at dula na umusbong sa Panahon ng Kasarinlan upang iyong mapahalagahan ang kulturang ng ating bansa sa panahong ito.	
III. Mga Inaasahang Kasanayan:	

MODYUL 2: **Sandigan ng Lahi, Ikarangal Natin**	**Mga Kasanayang Pampagkatuto** <u>Pakikinig</u> Napauunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa diskursong napakinggan ▪ Nakagagawa ng sariling pag-aayos ng mga ideyang pinakinggan ▪ Naibubuod ang teksto batay sa mahahalagang punto ▪ Nakapaglalahad ng kahulugan, katangian, at kahalagahan ng mga dulang pantanghalan sa buhay ng mga tao/ mag-aaral ▪ Naisasalaysay ang magkakaugnay na pangyayari sa napakinggan ▪ Naihahambing ang sariling saloobin sa saloobin ng nagsasalita ▪ Naiuugnay ang pinapaksa ng nagsasalita sa iba pang paksa at karanasan ▪ Nakabubuo ng makabuluhang tanong batay sa napakinggan Naililipat ang impormasyon mula sa diskursong napakinggan tungo sa iba pang anyo (*transcoding*) Nakagagawa ng sariling reaksiyon (pasalita o pasulat) sa mga ideyang pinakinggan ▪ Napipili ang angkop na ekspresiyon/pananalita sa pagpapahayag ng sariling puna ▪ Nakagagawa ng angkop na pagwawasto sa mga inaakalang maling pananaw o impormasyong napakinggan <u>Pagsasalita</u> Nabibigyang kahulugan ang mga pahayag / pangungusap na nagbibigay pahiwatig Natutukoy sa loob ng pangungusap ang kaantasan ng pang-uri tulad ng: ▪ Lantay ▪ Pahambing ▪ Pasukdol Naibabahagi ang sariling opinyon,pananaw,damdamin at saloobin ▪ Nakapagsasadula ng dulang pantanghalan (Sarsuwela) na

	nangibabaw sa Panahon ng Amerikano ▪ Nailalahad ang mga pagpapasiya batay sa mga patunay at katuwiran ▪ Nakapangangatuwiran nang maayos at mabisa batay sa iba't ibang sitwasyon ▪ Nailalahad nang maayos ang pansariling pananaw, opinyon at saloobin batay sa mga ideya,kaisipang inilahad ng teksto Naipapahayag nang maayos ang matinding reaksiyon sa mga bagay na di nagugustuhan (may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kausap) Nakapagsasagawa ng interbyu/panayam Nakapagsasagawa ng sarbey batay sa kulturang Pilipino gamit ang panitikan Nakapaglalahad ng pamamaraan sa pagsasagawa ng simposyum tungkol sa kahalagahan ng kulturang sariling atin Nakapaglalahad ng sariling pananaw kung paano mapapanatili ang kulturang Pilipino sa tulong ng panitikan <u>Pag-unawa sa Binasa</u> Nasusuri ang ilang akdang Panitikan batay sa mga katangian nito ▪ Balagtasan ▪ Sarsuwela Napauunlad ang kakayahang umunawa sa binasa sa pamamagitan ng: ▪ pagkilala sa kahulugan ng mga salita ▪ kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan Naipaliliwanag kung paanong ang mga elemento ng akdang pampanitikan ay nakatulong upang maipahatid ang layunin ng may-akda Naihahambing ang akda sa iba pang uri ng akda batay sa: ▪ paksa ▪ layon ▪ tono		

	▪ pananaw ▪ gmit ng salita Napahahalagahan ang kulturang Pilipino na masasalamin sa mga akdang binasa Naibibigay ang kaugnayan ng akda sa: ▪ sarili ▪ kapaligiran ▪ ibang tao Naipaliliwanag ang mga elemento ng isang akda ▪ maikling kuwento ▪ dula Naisasaayos ang mga pangungusap upang makabuo ng mga talatang may kaisahan sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga detalye na lohikal ang pagkakasunod-sunod ▪ Napipili ang pangunahin at pantulong na mga ideya o kaisipang nakasaad sa binasa ▪ Nahihinuha ang pamaksang diwa ng teksto ▪ Naiisa-isa ang mga tiyak na layon ng teksto Nakagagawa ng mga gawaing magpapatunay sa mapanuring pagbasa ng teksto/akda ▪ Nakabubuo ng balangkas ng binasang teksto/akda ▪ Nakabubuo ng sintesis ng mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa teksto/akda Nakapangangatuwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa teksto Nasusuri ang iba't ibang uri ng panitikan batay sa kahulugan at katangian ng mga ito: ▪ Nailalahad ang punong kaisipan at ang paraan ng pagpapaikli ng paksa ▪ Nasusuri ang layunin ng paksa ▪ Nasusuri ang mga uri ng panitikan at ang katangian ng bawat isa		

	▪ Naipaliliwanag ang motibasyon o dahilan ng mga kilos o gawi ng mga tauhan ▪ Nabibigyang kahulugan ang mga simbolo at pahiwatig na ginamit sa akda ▪ Naibubuod ang binasang akda Natutukoy ang iba't ibang tunggaliang naganap sa akda Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa akdang binasa buhat sa simula, tunggalian, kasukdulan, kakalasan at wakas Napayayaman ang karanasan ng mag-aaral sa tulong ng mga akdang pampanitikan upang mapaunlad at mapalawak ang kakayahan at pananaw sa buhay Naipaliliwanag kung paanong ang mga elemento ng akda/teksto ay nakatulong upang maipahatid ang layunin ng may-akda Nakapagbibigay-hinuha sa • pangyayari • kaalaman • pakay o motibo • layunin ng may-akda Naihahambing ang kalagayan ng panitikan at epekto nito sa kulturang Pilipino noon at ngayon Nasusuri sa teksto ang mga aspekto ng pandiwa Naisasaayos ang mga pangyayari sa maikling kwento/dula ayon sa wastong pagkakasunod-sunod Nasusuri ang bahagi ng maikling kuwento/dula/sanaysay Napaghahambing ang elemento ng maikling kuwento sa dula Nasusuri ang kulturang taglay ng panitikan kung ito'y nanatili, nabago o nawala na		

	<u>Pagsulat</u> Nakabubuo ng angkop na pagpapasiya batay sa akdang binasa at sa: ▪ pamantayang pansarili o pansariling karanasan ▪ pamantayang galing sa ibang tao o sa ibang babasahin Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagbuo ng diyalogo/ iskrip Nakasusulat ng talata na may pangunahin at pantulong na kaisipan Naisasaalang-alang ang mga kasanayan sa paggamit ng Filipino sa pagsulat ng talata ▪ Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa: • depinisyon • paghahalimbawa • paghahawig o pagtutulad Naisasaayos ang mga pangungusap sa loob at pagitan ng talata upang magkaroon ng kaisahan sa pamamagitan ng: • pag-aayos ng mga detalye na lohikal ang pagkakasunod-sunod • paggamit ng mga ekspresiyong transisyunal • paglalahad ng mga pangungusap nang may magkatulad na pagkakabuo Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng talata ▪ Nakabubuo ng balangkas upang maipakita nang malinaw ang sariling ideya at intensiyon sa pagbuo ng komposisyon ▪ Nagagawang kawili-wili ang panimula ng komposisyon sa pamamagitan ng isang: • kaakit-akit na pahayag • napapanahong sipi o banggit ▪ Nawawakasan ang komposisyon nang may pangkalahatang impresiyon sa pamamagitan ng:		

	• pagbubuod • makabuluhang obserbasyon Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad ▪ Naisasaalang-alang ang mga kailanganin sa pagsulat ng sanaysay ▪ Nakapipili ng isang napapanahong paksa ▪ Nakapagtatala ng mga kinakailangang impormasyon ▪ Nakapagpapangkat-pangkat ng magkakaugnay-ugnay na ideya at impormasyon ▪ Napalalawak ang mga kaisipang kaugnay ng paksa ▪ Nakabubuo ng isang: √ makatawag-pansing simula √ mabisang wakas Nailalahad ang sariling kuro-kuro sa mga detalye. kaisipan at opinyong nakapaloob sa teksto kung: • totoo o hindi totoo • may pagbabatayan o kathang-isip lamang • mabuti o masama • katotohanan o opinyon Nakapaglalahad ng sariling pananaw batay sa nilalaman ng akdang binasa kung ito'y makatotohanan o di-makatotohanan gamit ang *graphic organizer* Nakasusulat ng maikling kuwento batay sa kultura ng lugar na pinagmulan Nakasusulat ng talatang • naglalarawan • naglalahad • nagsasalaysay • nangangatuwiran Nakapag-uugnay ng mga kaisipan mula sa binasang akda hango sa sariling karanasan • nasaksihan • napakinggan/napanood/nabasa		

	Tatas Naipamamalas ang natamong mga kaalaman at kakayahan sa paglinang ng pangangailangang pangkomunikatibo Naipamamalas ang makahulugan at masining na pagpapahayag para sa mabisang pakikipagkomunikasyon Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pakikipagkomunikasyon Nagagamit ang pormal at impormal na Filipino sa komunikasyon ayon sa sitwasyon, pangangailangan at pagkakataon Pakikitungo sa Wika at Panitikan Nagpapakita ng kawilihan at kasabikan sa pagbuo at pagsagot sa mga tanong at puna sa Panitikang napanood,nabasa o napakinggan Estratehiya sa Pag-aaral/ Pananaliksik Nagagamit ang angkop na estratehiya sa pag-aaral Naipamamalas ang kakayahang maiangkop ang bilis ng pagbasa sa layunin at antas ng kahirapan ng akda Nalilikom ang mga panoorin na namayani sa panahon ng Amerikano Nailalahad nang maayos ang mga nalikom na impormasyon sa isinagawang pananaliksik tungkol sa *mockumentary* Nagagamit ang diksyunaryo at iba pang kagamitang sanggunian sa aklatan/*internet*		
IV. Konseptuwal na Balangkas ng Modyul 3 (Kalakip 3.IV)		Ihandang isulat ang konseptuwal na balangkas sa pisara, kartolina, *manila paper* o sa pamamagitan ng *power point presentation.* Ipaliwanag na ito ang magiging araling pampanitikan at pangwika. Iminimungkahing ipaskil ito sa loob ng silid-aralan na siyang magiging gabay ng mga mag-aaral sa daloy ng magiging paksa sa buong modyul.	

V. Paunang Pagsusulit (Kalakip 3.V)	Ibigay sa mag-aaral ang panimulang pagtataya. Sabihin sa kanilang hindi ito makaaapekto sa kanilang marka sapagkat kukuhanin lamang ang dati nilang kaalaman sa magiging paksa. Pagkatapos masagot ng mga mag-aaral ang panimulang pagtataya ay iwasto agad ito upang mataya kung saang bahagi ang kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa magiging aralin. Gawin ito sa pamamagitan ng paggawa ng *test result* at *item analysis.* SUSI SA PAGWAWASTO PARA SA PANIMULANG PAGTATAYA 1. B 2. A 3. A 4. A 5. D 6. A 7. B 8. C 9. D 10.C 11. C 12. D 13. B 14. B 15. A 16 B 17. B 18. A 19. D 20. A
VI. Yugto ng Pagkatuto ***ALAMIN:*** *Hindi maikakailang isa sa mga ipinagmamalaki ng ating bansa ang ating sariling panitikan. Bago pa man dumating ang mga Amerikano, magkaroon ng sariling pamahalaan hanggang sa makamit ng bansa ang kasarinlan, ang panitikan ay kinagigiliwan ng basahin ng ating kababayan. Dahil sa ito ay bahagi na ng ating buhay, nararapat lamang na ito ay pag-aralan upang lalo pa itong maunawaan.*	Ipakilala sa mga mag-aaral ang araling tatalakayin sa loob ng modyul. Makatutulong ang grapikong presentasyon na makikita sa pahina 3 na maaaring isulat sa pisara, kartolina, *manila paper* o sa pamamagitan ng *power point presentation.*

Ano ba ang iyong paniniwala tungkol sa panitikan? Sa tulong ng beliefs inventory, alamin natin ang iyong paniniwala tungkol sa panitikan. Pagkatapos ng lahat ng gawain sa modyul na ito, bago ang pagtatapos na pagtataya, muli itong balikan upang matiyak na ang iyong paniniwala ay wasto o mali.

GAWAIN 1: **BELIEVE IT OR NOT…**

Lagyan ng tsek (√) ang patlang bago ang pahayag na iyong pinaniniwalaan tungkol sa panitikan. Pagkatapos ng mga aralin sa modyul na ito ay muli itong balikan at ilagay sa dulo ng pahayag ang **MK** kung ito ay may katotohanan at **WK** kung ito ay walang katotohanan.

Naniniwala ako na. . .

_____ ang panitikan ay salamin ng lahing Pilipino.
_____ malaya ang mga manunulat noong Panahon ng Amerikano.
_____ ang Balagtasan ay maaaring gawing akdang tuluyan.
_____ walang kaugnayan ang paglalahad ng opinyon at katuwiran sa Balagtasan.
_____ nagsasaad ng kilos o galaw ang pandiwa.
_____ may layuning batikusin ang mga Pilipino ng dulang Walang Sugat ni Severino Reyes.
_____ naging malaya ang mga manunulat na Pilipino noong Panahon ng Komonwelt.
_____ nakatutulong sa mga manunulat ang paggamit sa pang-uri Upang mas maging masining ang kanilang akda.
_____ ang sanaysay ang may pinakamaraming naisulat noong Panahon Ng mga Amerikano.
_____ masasalamin sa mga akdang pampanitikan noong Panahon ng Amerikano, Panahon ng Komonwelt at Panahon ng Kasarinlan ang kulturang Pilipino.

Bigyan ng 5 minuto ang mga mag-aaral upang masagot ang bahaging ito sa kuwaderno. Gawin itong indibidwal na gawain. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa kanilang naging sagot sa gawain.

SUSI SA PAGWAWASTO PARA SA GAWAIN 1

PAUNAWA: Dalawa ang magiging sagot sa bawat pahayag. Ang unang sagot ay nakabatay sa mag-aaral. Ang sumusunod ay ang wastong sagot na dapat makita sa dulo ng bawat pahayag.

1. MK	6. WK
2. WK	7. MK
3. WK	8. MK
4. WK	9. WK
5. MK	10. MK

GAWAIN 2.**IMPORTANTASTIK**

Sa tulong ng *concept map*, isulat ang mahahalaga at kahanga-hangang impormasyong iyong nalalaman tungkol sa panitikan sa Panahon ng Amerikano, Komonwelt at Kasarinlan. Isulat sa mga blangkong bilog ang impormasyon.



Isulat sa pisara, kartolina, *manila paper* o sa pamamagitan ng power point presentation ang *graphics* sa gawaing ito. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bigyan ng 10 minuto ang bawat pangkat upang magbahaginan ng kanilang ideya. Pagkatapos nito ay pumili sa bawat pangkat na magbabahagi ng kanilang napag-usapan.

PAUNLARIN:

Sa bahaging ito, pauunlarin na ang ang iyong kaalaman sa iba't ibang uri ng panitikan tulad ng Balagtasan, Sarsuwela, Sanaysay, Maikling kuwento, at Dula sa iba't ibang panahon. Ang mga impormasyon, gawain at pagsasanay na nakapaloob sa bawat aralin ay makatutulong upang palawakain pang lalo ang iyong kaalaman sa panitikan at nang sa ganoon ay matuto itong pahalagahan bilang salamin ng ating lahi mula noon, sa kasalukuyan at maging sa hinaharap.

Bibigyang-pansin din sa modyul na ito ang pag-aaral tungkol sa wika tulad ng mga

Ipakilala sa mga mag-aaral ang araling tatalakayin sa loob ng modyul – ang panitikan at pangwikang tatalakaying nakapaloob dito. Makatutulong ang grapikong presentasyon na maaaring nakasulat sa pisara, kartolina, *manila paper* o sa pamamagitan ng *power point presentation.*

pahayag na may opinyon at katotohanan, kaantasan ng pang-uri, iba't ibang paraan ng pagpapahayag, kayarian ng pang-uri, aspekto ng pandiwa at mga pahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat.

Simulan na natin ang pagpapaunlad ng iyong kaalaman at kakayahan sa pamamagitan ng pagtalakay sa ***Aralin 2.1*** *ng modyul na ito - ang panitikan sa Panahon ng Amerikano.*

ARALIN 2.1: Ang Panitikan sa Panahon ng Amerikano

I. Panimula at mga Pokus na tanong

Kung relihiyon ang naging pamana ng mga Español, edukasyon naman ang naging pangunahing ipinamana ng mga Amerikano sa Pilipino. Sa panahon ding ito isinilang ang ilang makatang Pilipino na nagsulat sa Ingles at Tagalog. Naitanong mo na ba kung bakit mahalagang pag-aralan at unawain ang mga akdang pampanitikang Pilipino sa panahon ng Amerikano? Masasalamin ba sa mga akda tulad ng ***Balagtasan*** *at* ***Sarsuwela*** *ang kulturang Pilipino sa panahong naisulat ang mga ito? Sa araling ito, tatalakayin at tutuklasin natin ang sagot sa mga tanong na ito sa pamamagitan ng ating paglalakbay sa ilang akdang panitikan sa panahon ng Amerikano at pagsasaliksik sa mga akda ng mga batikang manunulat ng bansa.*

Ipakilala sa mga mag-aaral ang magiging paksa sa Aralin 1 – ang panitikang Balagtasan at Sarsuwela. Ibigay na rin sa kanila ang mga pokus na tanong na masasagot sa pagtalakay sa aralin.

II. Ang Mga Aralin at Ang Saklaw Nito:

Masasagot mo ang mahahalagang tanong, at maisasagawa mo ang inaasahang produkto/pagganap kung uunawain mo ang sumusunod na aralin na nakapaloob sa modyul na ito:

Aralin 2.1: Panahon ng Amerikano

Aralin 2.1.1: A. Panitikan: Balagtasan
"Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"
ni Jose Corazon de Jesus

B. Wika: Katotohanan at opinyon

Aralin 2.2.2 A. Panitikan: Sarsuwela
"Walang Sugat" ni Severino Reyes

B.Wika: Kaantasan ng Pang-uri

III. Mga Inaasahang Kasanayan

Narito ang mga kaalaman at kasanayang malilinang sa iyo sa pagtalakay mo sa araling ito:

Bigyan ng sipi ng mga inaasahang kasanayan ang bawat mag-aaral upang sa simula pa lamang ay malaman na ng mga mag-aaral ang kasanayang lilinangin sa kaniya.

Aralin 2.1	**Mga Kasanayang Pampagkatuto** <u>Pag-unawa sa Napakinggan</u> Napauunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa diskursong napakinggan Nakagagawa ng sariling pag-aayos ng mga ideyang pinakinggan Nabubuod ang teksto batay sa mahahalagang punto Nakapaglalahad ng kahulugan, katangian, at kahalagan ng mga dulang pantanghalan sa buhay ng mga tao/ mag-aaral <u>Pagsasalita</u> Nabibigyang kahulugan ang mga pahayag / pangungusap na nagbibigay pahiwatig Natutukoy sa loob ng pangungusap ang kaantasan ng pang-uri tulad ng: • lantay • pahambing • pasukdol Naibabahagi ang sariling opinyon,pananaw,damdamin at saloobin Nakapagsasadula ng mga akda ng mga dulang pantanghalan (sarsuwela) na nangibabaw sa panahon ng Amerikano <u>Pag-unawa sa Binasa</u> Nasusuri ang ilang uri ng Panitikan batay sa mga katangian nito • balagtasan • sarsuwela Napauunlad ang kakayahang umunawa sa binasa sa pamamagitan ng: • pagkilala sa kahulugan ng mga salita • kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan

		Naipaliliwanag kung paanong ang mga elemento ng *genre* ay nakatulong upang maipahatid ang layunin ng may-akda Naihahambing ang akda sa iba pang uri ng akda batay sa: • paksa • layon • tono • pananaw • gamit ng salita Nailalahad ang mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa akdang binasa Naibibigay ang kaugnayan ng akda sa: • sarili • kapaligiran • ibang tao Naipaliliwanag ang mga elemento ng akda Naisasaayos ang mga pangungusap upang makabuo ng mga talatang may kaisahan sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga detalye na lohikal ang pagkakasunod-sunod Napahahalagahan ang kulturang Pilipino na masasalamin sa mga akdang binasa. <u>Pagsulat</u> Nakabubuo ng angkop na pagpapasiya batay sa akdang binasa at sa: • pamantayan pansarili o pansariling karanasan • pamantayang galing sa ibang tao o sa ibang babasahin Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagbuo ng dayalogo/ iskrip Nakasusulat ng talata na may wastong paglulugar ng pangunahin at pantulong na kaisipan <u>Tatas</u> Naipamamalas ang mga natamong kaalaman at kakayahan sa paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo.		

Pakikitungo sa Wika at Panitikan
Nagpapakita ng kawilihan at kasabikan sa pagbuo at pagsagot
sa mga tanong at puna sa Panitikang napanood,nabasa o napakinggan

Estratehiya sa Pag-aaral/ Pananaliksik
Nagagamit ang angkop na estratehiya sa pag-aaral

Nalilikom ang mga nakakalap na mga panoorin na namayani

sa panahon ng Amerikano

Nailalahad ng maayos ang mga nalikom na impormasyon
sa isinagawang pananaliksik

Nagagamit ang diksyonaryo at iba pang kagamitang sanggunian
sa aklatan/*Internet*

Nakapagsasagawa ng isang panayam sa mga taong may sapat
na kaalaman sa sarsuwela at balagtasan.

Ang balangkas ng araling ito o bahaging ito ng modyul ang magpapakita sa guro ng kabuuang tatakbuhin ng aralin. Tingnan sa kalakip ang sinasabing balangkas.

IV. KONSEPTUWAL NA BALANGKAS (Kalakip #2.1.a)

V. PANIMULANG PAGTATAYA

Bigyan ng panimulang pagtataya ang mga mag-aaral bago ang pagtalakay sa mga aralin. Sabihin sa kanilang hindi ito makaaapekto sa kanilang marka sapagkat kukuhanin lamang ang dati nilang kaalaman sa magiging paksa. Pagkatapos masagot ng mga mag-aaral ang panimulang pagtataya ay iwasto agad ito upang mataya kung saang bahagi ang kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa magiging aralin. Gawin ito sa pamamagitan ng paggawa ng *test result* at *item analysis.*

A. PUZZLE: Hanapin sa loob ng *puzzle* ang mga salitang may kaugnayan sa umusbong na mga akda sa Panahon ng Amerikano. Bilugan ang salita ng tamang sagot.

G	**A**	**L**	**D**	**E**	**B**	**A**	**T**	**E**	**N**	**B**	**D**
D	**E**	**I**	**U**	**A**	**D**	**T**	**T**	**A**	**H**	**K**	**O**
S	**H**	**U**	**P**	**D**	**A**	**G**	**L**	**I**	**L**	**M**	**O**
A	**B**	**A**	**L**	**A**	**G**	**T**	**A**	**S**	**A**	**N**	**N**
N	**A**	**T**	**O**	**S**	**I**	**R**	**C**	**S**	**D**	**T**	**O**
E	**L**	**N**	**H**	**B**	**A**	**T**	**U**	**T**	**I**	**A**	**N**
L	**A**	**K**	**A**	**N**	**D**	**I**	**W**	**A**	**D**	**G**	**A**
K	**S**	**A**	**K**	**G**	**I**	**B**	**I**	**B**	**M**	**A**	**M**

B. PAGPUPUNO: Punan ng wastong panandang pandiskurso ang bawat pangungusap upang mabuo ang diwa nito.

1. _____ si Francisco Baltazar Balagtas ay dapat ngang tanghaling Ama ng Balagtasan.

2. _____ naging makulay ang kanyang buhay nang makilala niya si Maria Asuncion Rivera.

3. Ating _____ ang kanyang naiambag sa panitikan at sa edukasyon.

4. May magagawa _____ tayo upang maipakitang mahal natin ang ating bayan gaya ni Balagtas.

5. _____ nararapat na ipagpatuloy na pag-aralan ang mga tradisyon at kultura para sa susunod na henerasyon.

Sa aking palagay	kaya lamang	para sa	walang dudang	bigyang-pansin
Tungkol sa	sa madaling salita		sa dakong huli	rin
naniniwala akong				

SUSI SA PAGWAWASTO

A. debate balagtasan batutian lakandiwa duplo

B. 1. Sa aking palagay
2. kaya lamang
3. bigyang pansin
4. rin
5. sa madaling salita

I. YUGTO NG PAGKATUTO

Alamin

Sa tulong ng KWHL Sheet na Ano ang Alam mo na (What do you Know?), Ano ang Nais mong malaman (What do you want to find out?), Paano mo makikita ang nais mong malaman (How can you dind out what you want to learn?), Ano ang iyong natutuhan/naunawaan? (What Did You Learn?), ay subukin mong sagutin ang mga tanong. Sagutin mo muna ang tatlong naunang kolum, ang KWH. Pagkatapos nating pag-aralan ang modyul na ito ay saka mo sagutin ang huling kolum, ang L.Gawin mo ito sa sagutang papel. Gayahin ang pormat.

Ipakilala sa mga mag-aaral ang araling tatalakayin sa loob ng modyul. Makatutulong ang grapikong presentasyon na maaaring isulat sa pisara, kartolina, *manila paper* o sa pamamagitan ng *power point presentation.*

GAWAIN 2.1.a : **KWHL Chart**

Masasalamin ba sa panitikan ang kultura o kalagayang panlipunan ng isang bansa sa panahon at lugar na isinulat ito? Patunayan.



Kopyahin ang tsart na ito sa isang kartolina o *manila paper.* Hatiin ang klase sa tatlo. Ang Pangkat 1 ay sasagutin ang unang kolum, ang Pangkat 2 ay ang ikalawang kolum at ang Pangkat 3 ay ang ikatlong kolum. Bigyan ng 5 minuto ang bawat pangkat upang isulat at pag-usapan ang kanilang sagot. Itatala ng kalihim ng bawat pangkat ang kanilang napag-usapan sa isang papel at idikit ito sa kolum na nakatalaga sa kanila. Malalaman ng guro sa bahaging ito kung ano na ang alam ng mga mag-aaral, mga nais pa nilang malaman na kailangang matugunan sa pagtalakay sa aralin at kung paano nila maaabot ito sa sarili nilang pamamaraan.

GAWAIN 2.1.b: **Hanggang Saan ang Aking Kaalaman?**

Gamit ang *concept map*, ibigay ang mga impormasyong iyong nalalaman sa Panahon ng Amerikano.



Maaaring ipagawa ito bilang indibidwal na gawain. Ipasulat ito sa kuwaderno ng mga mag-aaral. Bigyan sila ng 5 minuto sa pagsagot. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.

Paunlarin

Ang bahaging ito ay makatutulong sa iyo upang maunawaan mo ang mahahalagang konsepto sa aralin. Huwag kang mag-alala gagawin nating magaan ang pagpoproseso ng iyong pag-unawa. Maligayang araw ng pag-unawa!

Dalawa sa mga akdang pampanitikan ang pag-aaralan natin sa bahaging ito – ang Balagtasan at Sarsuwela. Simulan natin sa ***Balagtasan*** *(Aralin 2.1) - na isang uri ng tulang patnigan na may pagtatalo. Lumaganap ito noong panahon na ang Pilipinas ay nasa ilalim ng Amerikano, batay sa mga lumang tradisyon ng masining na pagtatalo gaya ng Karagatan, Batutian at Duplo. Nagmula sa pangalan ni Francisco Baltazar bilang parangal sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan ang tawag sa Balagtasan.*

Bago tayo magsimulang talakayin ang araling ito ay nais ko munang malaman mo rin ang mahalagang tanong para sa araling ito: "Masasalamin ba sa Balagtasan ang kulturang Pilipino? Patunayan." Narito ang mga gabay na tanong upang masagot mo ito.

1. Ipaliwanag kung ano ang balagtasan.
2. Bakit ito kinagigiliwan ng mga Pilipino noong Panahon ng Amerikano?
3. May Balagtasan pa ba sa kasalukuyan? Paano ito naiiba sa ibang tulang patnigan?
4. Bakit dapat pahalagahan at palaganapin ang Balagtasan sa ating bansa?

Sagutin mo muna ang mga tanong batay sa iyong dating kaalaman. Sa pagwawakas ng araling ito tingnan natin kung wasto ang naging mga sagot. Upang matiyak na naunawaan mo ang nilalaman ng araling ito, sa pagtatapos ng iyong pag-aaral, inaasahang mailalapat mo ang iyong mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsulat ng isang argumentatibong editoryal na sumasalamin sa kaugalian ng isang masayang pamilya . Narito ang mga pamantayan kung paano itataya ang gawaing ito: a) malinaw na nailahad ang opinyon sa isyung tinalakay; b) gumamit ng mga ebidensya o patunay upang maging makatotohanan ang sinabi; c) nakitaan ng tiwala sa sarili at kaalaman sa isyu; d) naipahayag ang opinyon sa magalang na paraan; d) napaniwala at nahikayat ang mga mambabasa at e) wasto ang pagkakagamit ng gramatika. Nararamdaman kong sabik na

Ilahad sa mga mag-aaral ang magiging aralin – ang Balagtasan. Maaaari ring maglahad muna ng kaunting impormasyon tungkol dito na palalawakin sa pagpapatuloy ng aralin sa tulong ng isang halimbawang akda at mga gawain.

sabik ka na sa ating gagawing pag-aaral. Alamin na natin ang tungkol sa Balagtasan

Nararamdaman kong sabik na sabik ka na sa ating gagawing pag-aaral. Alamin na natin ang tungkol sa mga balagtasan.

GAWAIN 2.1.1.a: **Pick-up Lines**

Simulan na natin ang paglalakbay sa mundo ng Balagtasan. Alamin mo muna ang pinagmulan, kahulugan, at katangian ng Balagtasan bilang isang akdang pampanitikan. Bago mo simulan ang pag-aaral tungkol sa Balagtasan, naghanda ako ng isang laro. Ang laro ay *pick-up line*. Sinagot na ang una para maging gabay mo sa susunod na tanong.

Lapis ka ba ?	Bakit	Kasi nais kung isulat lagi ang pangalan mo sa isip ko…

1. Aklat ka ba?
2. Papel ka ba?
3. *Table of contents* ka ba*?*
4. Bagyo ka ba?
5. Teleserye ka ba*?*

Mahusay ang iyong ginawa. Ano ang napansin mo sa larong ito? Tama! Ito ay ginagamit na paraan ng panunuyo o panliligaw ng kabataan sa kasalukuyan o modernong panahon. Idadaan sa simpleng patanong at ihahambing sa isang bagay ang sinusuyo upang maipahatid ang kaniyang nararamdaman. *Pick-up lines* ang tawag sa pamamaraang ito ng paghahatid ng damdamin. Noong Panahon ng Amerikano, isang paraang ginagawa ng binata upang ipahayag ang kaniyang pag-ibig sa dalagang nililigawan ay sa pamamagitan ng Balagtasan.

Ipagawa nang indibidwal ang gawaing ito. Ipasulat sa kanilang kuwaderno ang pormat at ang kanilang sagot. Bigyan ng 5 minuto ang bawat mag-aaral at pagkatapos ay pumili ng ilan sa kanila na ibabahagi ang kanilang naging konsepto. Maaari itong ipagawang laro sa mag-aaral.

Matapos mong gawin at malaman ang datos, balikan natin ang ating pinag-aralan sa pamamagitan ng paglalagom. Isulat sa papel ang mga sagot.



Ipagawa nang indibidwal ang gawaing ito. Ipasulat sa kanilang kuwaderno ang pormat at ang kanilang sagot. Bigyan ng 5 minuto ang bawat mag-aaral at pagkatapos ay pumili ng ilan sa kanila na ibabahagi ang kanilang naging konsepto.

Napakahusay ng iyong ginawa. Ipagpatuloy mo ito. Sa pagkakataong ito ay nais kong malaman kung ano ang iyong nalalaman sa salitang balagtasan. Tingnan natin ang iyong nalalaman sa kasunod na gawain.

GAWAIN 2.1.1.b: **Iba Ako Eh!**

Sa pagkakataong ito ay nais kong malaman kung ano ang iyong nalalaman sa salitang Balagtasan. Tingnan natin ang iyong nalalaman sa kasunod na gawain. Ibigay ang mga katangian ng Balagtasan bilang uri ng panitikan.



Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Ipagawa nang pangkatan ang bahaging ito. Bigyan ng 5 minuto ang bawat pangkat sa pagpapalitan ng opinyon sa gawain. Bigyan sila ng kartolina o *manila paper* na pagsusulatan ng kanilang sagot. Ipagaya ang pormat ng gawain.

Magdagdag ng iba pang impormasyon tungkol sa Balagtasan.

Upang maragdagan ang iyong kaalaman sa Balagtasan, alamin mo ang kaligirang pangkasaysayan o pinagmulan nito. Umpisahan na natin.

Babasahin 1: **KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG BALAGTASAN** (Kalakip 2.1.a)

GAWAIN 2.1.1.c: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

1. Ipaliwanag mo kung ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Balagtasan sa iba pang uri ng tulang patnigan



2. Ang Balagtasan ay isa sa sandigan ng panitikang Pilipino. Paano mo ito mapananatili upang maganyak ang kapwa mo mag-aaral na basahin, palaganapin at pahalagahan ito?
3. Bakit mahalaga ang tauhan, at elemento ng Balagtasan? Sagutin ang kasunod na mga tanong?

Ibigay ito bilang input sa mga mag-aaral.

Magpalitan ng ideya o opinyon tungkol sa mga katanungan o gawain sa bahaging ito, maaaring sa pamamagitan ng malayang talakayan o pangkatang gawain.



Hingan ng impormasyon ang mga mag-aaral tungkol sa Balagtasan. Aalamin lamang kung pamilyar ang mga mag-aaral tungkol dito. Kung walang makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa Balagtasan, magbigay ng impormasyon tungkol dito. Sabihing ang tatalakayin ay isang halimbawa nito.

4. Suriin mo ang ginagampanang papel ng mga tauhan sa Balagtasan. Punan ng mga angkop na impormasyon ang kasunod na diyagram. Gawin ito sa sagutang papel.



Mahusay ang iyong ginagawa. Ituloy mo lang ito. Huwag kang mag-aalala, gagabayan ka ng mga aralin sa modyul na ito. Maaari mo nang basahin ang isang halimbawa ng Balagtasan. Unawain mo ito upang masagot/maisagawa ang kasunod na mga tanong at gawain.

Babasahin 2: **BULAKLAK NG LAHING KALINIS-LINISAN ni Jose Corazon de Jesus**
(Kalakip 2.1.a)

Pumili ng mga mag-aaral na magbabasa ng Balagtasan. Piliin ang pinakamahusay na tumula. Maaari ring magpanood muna ng *video* na nagsasagawa ng Balagtasan.

GAWAIN 2.1.1.d: **Hanap-Salita**

Piliin sa **Hanay B** ang nais ipahiwatig ng mga pariralang nasa **Hanay B.** Isulat lamang ang letra ng mapipiling sagot at pagkatapos gamitin ito sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

	Hanay A	**Hanay B**
_____	1. May gatas sa dila	a. tumubo
_____	2. Kapatak na luha	b. konti
_____	3. Hinagpis ko noong ako'y iwan	c. mahulog
_____	4. Ang binhi ng isang halaman ay sumupling	d. matinding lungkot
_____	5. Halakhak ay nakabubulahaw	e. mahusay bumigkas
		f. nakaistorbo

Gumupit ng mga titik a hanggang f sa isang makulay na papel. Idikit ito sa pisara. Ang mga salita sa Hanay A at Hanay B ay isulat sa pisara, kartolina, o *manila paper.* Tumawag ng mag-aaral na sasagot sa gawaing ito. Ipadikit ang titik ng tamang sagot sa bilang na nakatalaga sa kaniya. Itama kung mali ang naging sagot ng mag-aaral.

Sagot:

1. e
2. b
3. d
4. a
5. f

GAWAIN 2.1.1.e: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

Sagutin mo ang mga tanong na batay sa iyong pag-unawa.

1. Bakit iisa lamang ang nagugustuhan nina Paruparo at Bubuyog?
2. Makatuwiran ba ang pagmamatuwid ng nagtatalong mga makata? Patunayan.
3. Sa iyong pagsusuri sa *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan,* kaninong panig ang matuwid at dapat na panigan? Bakit?
4. Paanong binigyan ng pagwawakas o paghatol ng lakandiwa ang Balagtasan? Sang-ayon kaba sa kaniyang hatol? Bakit?



5. Naging maayos ba ang paghahanay ng mga pagpapaliwanag at pangangatwiran ng dalawang nagtatagisan ng talino sa paksang kanilang pinagtatalunan? Magtala ng mga patunay.
6. Ihambing mo ang panliligaw ng mga binata sa dalaga noon sa kasalukuyang panahon. Gamitin ang *Fan Fact Analyzer*. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Gayahin ang porma



Alamin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang balagtasan. Maaaring hatiin sa apat na pangkat ang klase. Bigyan sila ng 10 minuto upang pag-usapan ang mga opinyon nila sa bawat tanong. ng Ang mga bilang 1 at 2 ay para sa Pangkat 1, bilang 3 at 4 sa Pangkat 2, bilang 5 at 6 sa Pangkat 3, at bilang 7 sa Pangkat 4. Pumili ng lider na magbabahagi sa kanilang napag-usapan.

7. Paano ka makatutulong sa pagpapanatili ng Balagtasan upang maganyak ang kapwa mo mag-aaral na basahin, palaganapin, at pahalagahan ito?

Matapos mong mapag-aralan ang nilalaman ng aralin sa panitikan, magtungo naman tayo sa wika – ang pagbibigay ng katotohanan at opinyon. Ang Balagtasan ay masining din na paraan sa paglalahad ng katotohanan at opinyon. Basahin mo ang ilang impormasyon tungkol dito.

Babasahin 3: **KATOTOHANAN AT OPINYON** (Kalakip 2.1.c)

GAWAIN 1.1.e: Katotohanan O Opinyon
Sagutin kung ang sumusunod ay **katotohanan** o **opinyon**.

1. Ang mga kaugaliang tulad ng bayanihan, pagmamano, pagsagot ng po at opo, at pagtanaw ng utang na loob ay tanging sa Pilipinas lamang makikita.
2. Sa aking palagay likas na mapagmahal sa kaniyang pamilyang kinagisnan ang mga Pilipino.
3. Ayon kay Adrian Eumagie, 2012, sa makabagong panahon ngayon, ang kaugalian ng Pilipino ay nananatiling mayaman sa bawat isa sa atin.
4. Para sa akin ang mga kaugaliang Pilipino ang pinakasentro ng paghubog sa isang tao at maaaring maging isang sandigan ng isang bansa at mamamayang tumatahak sa matuwid na landas.
5. Kung ako ang tatanungin, ang mga kaugaliang Pilipino ay nararapat na panatilihin at maipagpatuloy hanggang sa susunod na henerasyon.

Mahusay, nagawa mong mabuti ang iyong gawain.Madali lang hindi ba? Kayang-kaya mo nang kilalanin kung alin ang opinyon at katotohanan batay sa mga halimbawa at pagsasanay na tinalakay. Matapos mong maunawaan ang gramatika (opinyon at katotohanan) ay maaari mo nang sagutan ang susunod na gawain na magtataya sa iyong naging pag-unawa sa aralin.

Pagkatapos ibigay ang panuto ng gawain, ibigay ang pamantayan sa mga mag-aaral. Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral sa gawaing ito.Isulat ito. Gayahin ang pormat.

Ito ay mga mungkahing gawain lamang maaari pang magbigay ng madaming halimbawa upang mas malinang ang ang kaalaman ng mag-aaral.

Wastong sagot

1. Katotohanan
2. Opinyon
3. Katotohanan
4. Opinyon
5. Opinyon

GAWAIN 1.1.f: **Dugtungan**

Punan mo ng angkop na salita ang bawat patlang upang mabuo ang diwang ipinahahayag ng mga pangungusap at upang masagot mo ang mga tanong.

Bahagi na ng kuturang pilipino ang _____ at _____ bilang parangal sa mga _____ Ipinakikita nito kung gaano natin _____ ang mga _____. Masasalamin din ang _____ _____ ng ating mga ninuno sa paghabi ng magkakatugman_____ at pagbigkas nang may _____.

Ibigay ang panuto ng gawain. Ibigay ang pamantayan sa mga mag-aaral sa pagsulat upang malaman nila kung paano itataya ang kanilang gawain. Ipasulat ang Gawain sa dyornal. Maaaring pumili ang guro ng ilang mahuhusay nagawa ng bata at ibahagi sa klase.

Mahusay. Matapos mong masagutan ang ating aralin, ngayon naman ay maaari ka nang maglapat ng iyong kaalaman na natutuhan. Bilang pangwakas na gawain para sa bahaging ito, maaari ka na ring gumawa o sumulat ng isang editoryal na argumentasyon na may kaugnayan sa kaugaliang Pilipino bilang sandigan ng isang pamilyang Pilipino at ng bansa. Ikaw ay tatasahin sa sumusunod 1) lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, 2) malikhain at masining ang presentasyon, 3) maikli at nakakakuha ng interes ang pamagat 4) malinaw na naipahayag ang argumento sa editoryal.

Ipakilala sa mga mag-aaral ang aralin. Maaaring sa pamamagitan ng halimbawa ng *video* ng isang dula (kahit ang bahagi lamang) na panonoorin nila sa loob ng limang minuto. Batay sa pinanood, hingan ng ideya ang mag-aaral sa magiging paksa sa aralin.

Binabati kita sapagkat natapos mo na ang iyong gawain sa katatapos na aralin. Ngayon ay handa ka ng tuklasin at palawakin ang iyong kaalaman sa aralin na tungkol sa akdang pampanitikan na Sarsuwela na namayani noong Panahon ng Amerikano.

*Sa araling ito ay matutunghayan natin ang sarsuwelang "**Walang Sugat"** na isinulat ni Severino Reyes. Ito ay isang melodrama o komedyang binubuo ng tatlong yugto at tungkol sa damdamin ng tao tulad ng pag-ibig, galit, paghihiganti, kalupitan, paghihimagsik o kaya'y mga suliraning panlipunan at pampolitika noong Panahon ng Español . Ang kathang pantanghalang ito ay naiiba sa mga dramang napapanood mo sa kasalukuyan dahil may mga bahagi o diyalogong inaawit dito.*

Noon, isang mabisang kasangkapan sa pagpapahayag ng isipin at damdaming

*makabayan ang **sarsuwela.** Isinisigaw nito ang pagmamahal sa bayan at paghihimagsik laban sa mga mananakop na dayuhan, tulad ng akdang babasahin mo na pinamagatang "Walang Sugat" ni Severino Reyes. Sa bahaging ito, tatalakayin natin ang tungkol sa sarsuwela. Bukod dito, pag-aaralan natin ang kaantasan ng pang-uri upang masagot mo kung masasalamin ba sa sarsuwela ang kalagayang panlipunan sa panahon ng Amerikano? Narito ang mga gabay na tanong na iyong sasagutin.*

Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang Sarsuwela?

2. Bakit ito kinagiliwan ng mga Pilipino noong Panahon ng Amerikano?

3. May Sarsuwela pa ba sa kasalukuyan? Patunayan.

4. Bakit dapat pahalagahan at palaganapin ang Sarsuwela?

5. Masasalamin ba sa Sarsuwela ang kulturang Pilipino? Ipaliwanag.

Simulan natin ang pag-aaral ng Sarsuwela sa pamamagitan ng pagpili sa sumusunod na mga pangalan na nakilala bilang manunulat at ang kanilang mga akdang naisulat.

GAWAIN : 2.1.1 f**: Akda Ko, Tukuyin Mo**

Nasa larawan ang mga taong may kinalaman sa kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas na namayani hanggang sa kasalukuyan. Hanapin mo sa kabilang hanay, Hanay B, ang akdang isinulat ng mga manunulat sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

Ibigay ang mga gabay na tanong sa mga mag-aaral na maaaring nakasulat sa pisara, kartolina o *manila paper.* Maaaring maging masining sa paglalagay ng mga tanong na ito sa kartolina o *manila paper.* Pangkatin ang klase sa tatlo at ipasagot ang mga gabay na tanong na ito. Bigyang laya ang bawat pangkat sa pagpili ng estratehiyang kanilang gagamitin.

Sa pamamagitan ng *power point presentation* ay ipakita ang mga larawan ng manunulat. Maaari ring nakadikit ang mga larawan sa pisara, kartolina o *manila paper.* Ang akda ay nakasulat sa isang makulay na papel na nakahiwalay na nakapaskil o nakadikit sa pisara. Tumawag ng mag-aaral na magdidikit ng pamagat ng akda sa tapat ng larawan ng manunulat. Maaari itong gawing palaro.

Sagot:

1. Jose Corazon De Jesus – Isang Punongkahoy (f)
2. Severino Reyes – Walang Sugat (a)
3. Aurelio Tolentino- Kahapon, Ngayon at Bukas (c)

Hanay A



Hanay B

a. Walang Sugat
b. Dalagang Bukid
c. Kahapon, Ngayon at Bukas
d. Ako Ang Daigdig
e. Sa Aking Mga Kababata
f. Isang Punongkahoy

Inaasahan kong nasagot mo nang wasto ang tanong. Kung hindi naman ay huwag kang mag-alala sapagkat layunin ng araling ito na sa sariling sikap at tiyaga ay mahanap mo ang tamang kasagutan. Ang huling bahagi ay sa iyo nakabatay. Subukin mo ang dating kaalaman sa paksang tatalakayin.

Babasahin 1: **ALAM MO BA…SEVERINO REYES** (Kalakip 2.1.a) Matapos mong mabasa ang tungkol kay Severino Reyes, ngayon naman ay ating alamin ang tungkol sa kasaysayan ng Sarsuwela.	Magbigay ng input sa mga mag-aaral tungkol sa talambuhay ni Severino Reyes. Maaaring ipakita muna ang kaniyang larawan na nakadikit sa pisara, kartolina, *manila paper* o kaya naman ay ipakita gamit ang *power point presentation.* Tanungin ang mga mag-aaral kung kilala nila ito. Tanungin muna sila sa nalalaman nilang impormasyon tungkol sa manunulat bago magbigay o magdagdag ng impormasyon tungkol sa kaniya.
Babasahin 2: **ALAM MO BA… ANG SARSUWELA** (Kalakip 2.1.b)	Gumawa ng *concept map, webbing, word mapping* o iba pang estratehiya na gagamitin sa pagbibigay ng impormasyong nalalaman ng mag-aaral tungkol sa wika. Maaaring tumawag ng mga mag-aaral o kaya naman ay gawing pangkatang gawain. Pagkatapos ng paglalahad ng mga mag-aaral, ang guro naman ang magbibigay ng impormasyon tungkol sa Sarsuwela.
Babasahin 3: **WALANG SUGAT** (Kalakip 2.1.c)	Bago pa man ang pagpapabasa, mauna nang bigyan ng kopya ang mga mag-aaral ng akdang ito. Maaari rin namang ipasaliksik ito sa kanila. Pumili ng ilang mag-aaral na magsasagawa nang masining na pagbasa o kaya naman ay pagsasadula sa nilalaman nito.

GAWAIN 2.1.1 h HANAP SALITA

Panuto: Ibigay ang hinihingi ng sumusunod na mga salitang nasa kahon. Pagkatapos, gamitin mo ito sa pangungusap.

Hanay A	**Hanay B**
_____ 1. pagkasiphayo	a. sinisinta
_____ 2. sumisimsim	b. kalungkutan
_____ 3. kaparangan	c. apihin
_____ 4. malumbay	d. awit- panalangin
_____ 5. dalit	e. magtaksil
_____ 6. maglilo	f. malungkot
_____ 7. magahis	g. mamatay
_____ 8. makitil	h. mapahamak
_____ 9.aglahiin	i. magapi
_____ 10. pagbabata	j. kabukiran
	k. pagtitiis

Isulat ang gawaing ito sa pisara, kartolina o *manila paper.* Maaari itong gawing ***speed test.*** Pangkatin ang klase sa apat. Bigyan ang bawat pangkat ng kalahating bahagi ng kartolina na pagsusulatan ng kanilang sagot (titik lamang) at ng *pentel pen.* Bigyan sila ng 5 minuto sa pagsagot at pagsulat. Kapag tapos na ang 5 minuto ay ipapaskil na sa pisara ang kanilang mga sagot. Ang makakuha ng pinakamaraming wastong sagot ang nanalong pangkat.

Sagot:

1. b	5. d	9. c
2. a	6. e	10. k
3. j	7. i	
4. f	8. g	

GAWAIN 2.1.1.I STORY BOARD

Pagkatapos mong sagutan ang pagsasanay sa talasalitaan ay dumako na tayo sa kasunod na Gawain.Ibuod mo ang Sarsuwela sa tulong ng sumusunod na *story board*. Piliin mo sa kasunod na mga pangyayari. Isulat ang tamang letra sa loob ng kahon ayon sa pagkakasunod- sunod. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat.

a. Sugatang dumating si Tenyong sa kasal.
b. Naisipan ni Julia na tumakas at pumunta sa kinaroroonan ni Tenyong.
c. Binuburdahan ni Julia ang panyong ibibigay kay Tenyong.
d. Ipinagkasundo ni Juana si Julia kay Miguel.
e. Namatay si Kapitan Inggo dahil sa sobrang palo na dinanas.
f. Sinulatan ni Julia si Tenyong at ibinalita ang pagkamatay ni Kapitana Putin at pagpapakasal niya kay Miguel.
g. Matapos ang kasal ay bumangon si Tenyong at ang lahat ay napasigaw ng "Walang Sugat".
h. Ibinilin ni Tenyong na darating siya sa araw ng kasal ni Julia.

Bigyan ng kopya ng gawaing ito ang bawat mag-aaral. Ipagawa ito bilang indibidwal na gawain. Bigyan sila ng 5 minuto sa pagsagot. Pagkatapos ay pumili ng mag-aaral na magbabahagi ng kanilang naging sagot.

i. Hinuli ng mga boluntaryo ng Sta. Maria si Kapitan Inggo.

j. Si Tenyong at ang mga kalalakihan ay humandang makipaglaban upang mapalaya ang Inang-bayan.



GAWAIN 2.1.1.j: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

Sagutin ang mga tanong namay kaugnayan sa binasang akda upang masukat natin kung naunawaan mo ang nilalaman nito.

1. Bakit hindi agad inamin ni Julia na kay Tenyong ang panyong kaniyang binurdahan?
2. Ano ang nangyari sa tatay ni Tenyong na si Kapitan Inggo? Ano-anong pagpapahirap ang naranasan niya sa kamay ng mga prayle?
3. Isulat ang mga katangian ng mga tauhan sa akda. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.

Gamit ang UTS (Ugnayang Tanong-Sagot), magkaroon ng malayang talakayan sa klase tungkol sa akda sa tulong ng mga tanong.



4.Gamit ang *Venn Diagram*, ipakita ang pagkakatulad at pagkakiba ni Julia sa kababaihan sa kasalukuyan. Isulat sa papel ang sagot. Gayahin ang pormat.



5. Tama ba ang ginawa ng ina ni Julia na ipagkasundo nito ang anak sa isang lalaking mayaman ? Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Julia, papayag ka ba sa pasiya ng iyong ina? Bakit?.
6. Ilarawan ang namayaning damdamin sa Tagpo II.
7. Angkop ba ang pamagat na *Walang Sugat* sa akda? Bakit?
8. Tama ba na magtanim ng galit si Tenyong sa mga pari? Ipaliwanag.

Mahusay ang iyong ginawa. Madali mong naunawaan ang simulang bahagi ng aralin. Alamin mo naman ang kaligirang pangkasaysayan ng Sarsuwela na namayani sa Panahon ng Amerikano. Gagabayan ka sa iyong pag-aaral ng sumusunod na gabay na mga tanong.

Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang Sarsuwela?
2. Bakit ito kinagiliwan mga Pilipino noong Panahon ng Amerikano?
3. May Sarsuwela pa ba sa kasalukuyan? Paano ito naiiba sa ibang akdang pampanitikan?
4. Bakit dapat pahalagahan at palaganapin ang Sarsuwela bilang bahagi ng panitikang Pilipino?
5. Suriin ang kultura o kalagayang panlipunang masasalamin sa akdang *Walang Sugat.*
6. Kung ikaw ay kabataan na nabuhay sa Panahon ng Amerikano, paano mo maipakikita ang pagmamahal sa bayan?
7. Sa pagwawakas ng gawain mo sa bahaging ito, maibibigay mo na ang iyong damdamin sa dulang pantanghalang binasa mo. Gawin ito sa dyornal. Gayahin ang pormat sa sagutang papel

Magkaroon ng pagtalakay sa mga bilang 1-6 sa mga mag-aaral. Maaari itong ipagawang pangkatang gawain sa mga mag-aaral upang mas mapabilis ang pag-unawa sa paksang tinalakay.

PAGSULAT

Ituloy mo ang pahayag…

Habang binabasa ko ang sarsuwela ako'y _____ _____, dahil ako'y _____. kaya nais kong maging

_____

Ibigay na indibidwal na gawain ang bahaging ito. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi. Hayaan lamang ang mga may nais na magbahagi.

Mahusay! Ngayon ay unti-unti mong nauunawaan ang daloy sa ating aralin. Nakatulong ba ang mga salitang naglalarawan na ginamit ng may-akda sa binasang Sarsuwela? Marahil ay napansin mo na iba-iba ang antas ng pang-uri na ginamit ng may-akda upang higit niyang maikintal sa isipan ng mambabasa ang imahe na nais niyang iwanan sa isipan . Suriin natin ang ilan sa mga ito.

Babasahin 4: **KAANTASAN NG PANG-URI** (Kalakip 2.1.d)

Paghusayin mo pa ang iyong kaalaman sa wika. Magsanay Tayo**.** Pagkatapos mong malaman ang mga impormasyon sa kaantasan ng pang-uri, ngayon ay susubukin natin ang iyong kaalaman. Isulat sa sagutang papel ang kaantasan ng pang-uri na sinalungguhitan sa bawat pangungusap. (lantay, pahambing o pasukdol).

_____ 1. Tunay na bayani ng makabagong siglo si Kesz.

_____ 2. Si Kesz ay sikat na sikat na kabataang simbolo ng pag-asa.

_____ 3. Kami ay ubod saya sa tagumpay na kaniyang natamo.

_____ 4. Siya ang pinakabatang boluntaryong tumutulong sa Dynamic Teen Company ni Peñaflorida.

_____ 5. Di- gaanong magkapalad ang naging karanasan ni Kesz sa ibang kabataan ngayon.

_____ 6. Tunay na huwaran ang kabataang tulad ni Kesz Valdez.

_____7. Magkasingganda ng hangarin si Efren at si Kesz sa kanilang gawain.

_____ 8. Buhay man niya ay salat sa karangyaan at dunong ngunit hindi niya ipinagkait ang lakas niya upang matulungan ang mga kabataan na naliligaw ng landas.

_____9. Sa gulang na tatlo, namalimos si Kesz gaya ng ibang mga batang lansangan at nagkalkal ng mabahong basura para makahanap ng anumang bagay na may halaga na maaaring ibenta upang suportahan ang kaniyang pamilya.

_____ 10. Si Kesz ay may mabuting kalooban gaya ng kaniyang guro

Ibigay na takdang-aralin sa mga mag-aaral ang kaantasan ng pang-uri bilang paghahanda sa talakayan.

Ibigay bilang input sa mga mag-aaral ang tungkol sa pang-uri. Maaari itong nakasulat sa kartolina, *manila paper*, o sa pamamagitan ng *power point presentation.* Hingan ng sariling halimbawa ang mga mag-aaral sa bawat kaantasan bago ang mga gawaing kaugnay ng araling ito.

SUSI SA PAGWAWASTO

1. Pasukdol	6. Pasukdol
2. Pahambing	7. Pahambing
3. Pasukdol	8. Lantay
4. Pasukdol	9. lantay
5. Pahambing	10. lantay

na si Efren Peñaflorida.

Nasagutan mo lahat ang iyong gawain sa pagsasanay na ito. Kung hindi naman ay okey lang. Gagabayan ka ng araling ito sa paglinang pa ng iyong kaalaman. Magkaroon ka naman ng paglalagom kung ano ang iyong naunawaan sa pinag-aralan sa araling ito.

Mahalagang pag-aralan ang mga bahagi ng panalita na nagbibigay-turing sa pangngalan o panghalip at ang pagbibigay ng paghahambing o pagtutulad nito batay sa kaantasan ng pang-uri sapagkat nagiging mabisa ang pagsasalaysay at paglalarawan sa mga tauhang karaniwang ginagamit sa isang sarsuwela. Ngayon ay maaari mo ng gawin ang gawaing aking inihanda.

GAWAIN 2.1.1 L ILAGOM MO



Ipaliwanag ang gawaing ito sa bawat pangkat. Gawin itong paglalagom para sa pagtalakay sa wika. Bibigyan ng tatlong minuto ang mga mag-aaral bilang sintesis sa araw na ito.

Pagnilayan at Unawain

Upang malaman natin kung lubos mo nang naunawaan ang ating pinag-aralang akda, balikan natin ang mahalagang tanong na sumasalamin ba sa sarsuwela ang kulturang Pilipino gamit ang pinasidhing anyo ng pang-uri? Patunayan. Isulat sa salamin (*mirror graphic organizer*) ang iyong sagot.

Bigyan ng limang minuto ang bawat mag-aaral sa pagsagot sa bahaging ito. Pumili ng mag-aaral na magbabahagi ng kanilang naging sagot sa gawaing ito.

GAWAIN 2.1.1 L SALAMININ MO



SARSUWELA SALAMIN NG KULTURANG PILIPINO

Napatunayan mo na ang sarsuwela ay larawan ng kulturang Pilipino, bukod dito isa pa sa mga tulong upang higit na masalamin ang kalagayang panlipunan.

Nakatulong ba ang mga kaantasan ng pang-uri upang mapalabas ang kulturang Pilipino upang makapaglarawan ng mabisa?

Binabati kita at ilang hakbang na lamang ay tapos na ang iyong paglalakbay. Upang matiyak natin na naunawaan mo ang aralin, nais kong magsaliksik ka ng isang dula na naglalarawan ng kalagayang panlipunan, kaugalian at paniniwala ng pamilyang Pilipino. Suriin mo ito. Ibuod at ipaliwanag kung paano inilarawan dito ang mga nabanggit sa itaas.

Pagnilayan at Unawain

Ang layunin mo sa bahaging ito ay mataya natin kung tama ang pagkaunawa mo sa mahahalagang konsepto na nakapoob sa buong aralin- ***Ang Panitikan sa Panahon ng Amerikano.*** *Muli, sagutin mo ang mahahalagang tanong na ito. Inaasahan kong kung may mali ka mang konsepto, ay naitama na natin ang mga ito sa tulong ng iba't ibang gawaing iyong pinagdaanan.*

1. Bakit umusbong ang panitikang Pilipino noong Panahon ng Amerikano?
2. Bakit mahalagang unawain/pag-aralan ang mga akdang pampanitikan sa panahon ng mga Amerikano?
3. Tunay bang salamin ng kultura angmga akdang pamapanitkan? Patunayan.

Sagutin mo ang mga nabanggit na tanong sa paraang patalata. Maging matapat ka sa iyong pagsagot dahil dito ko malalaman kung dapat na tayong magpatuloy sa susunod na aralin, o balikan pa ang ilang gawain upang sa gayo'y magkaroon ka ng malalim na pag-unawa sa nilalaman ng araling ito. Makatutulong sa iyo kung sasagutin mo pa ang Gawain sa ibaba/kabilang pahina.

Sa pamamagitan ng *solo* o *pair sharing* , pagsama-samahing muli ang magkakapangkat. Sagutin muna nang isahan ang tsart. Pagkatapos itong masagot ng mag-aaral, kumuha sila ng kapareha sa kanilang kapangkat, sila naman ang magbahaginan. Bigyan sila ng limang minuto upang gawin ang bahaging ito. Pumili ng mag-aaral na magbabahagi sa kanilang napag-usapan.

Bigyan ng 60 minuto ang mag-aaral upang isagawa ang gawaing ito. Maaari itong ipagawa bilang pangkatang gawain. Ang sitwasyon ay maaaring nakasulat sa pisara, kartolina, o *manila paper.* Pagkatapos ng pagsulat ay makipagpalitan sa iba pang pangkat at hingan ng *feedback* ang kanilang ginawa. Magbigay rin ng sariling *feedback* sa bawat pangkat ang guro.

Maaaring pangkatin ang klase sa apat. Bawat pangkat ay papiliin ng tanong na maaaring sa pamamagitan ng palabunutan na kanilang ipaliliwanag. Maaari silang gumamit ng anomang masining na pamamaraan na ibig nila. Bigyan lamang sila ng 7 minuto upang pag-usapan ito. Ang ibang pangkat ay maaari pang magdagdag ng tanong sa bawat pangkat na nagbahagi ng kanilang napag-usapan.

Ano ang natutuhan mo sa kabuuan ng araling tinalakay? Isulat ang sagot sa iyong dyornal.

PAGSULAT SA DYORNAL

Ano ang natutuhan mo sa kabuuan ng araling tinalakay? Isulat ang sagot sa Journal

PAGSULAT

Sa araw na ito naunawaan ko na

_____

_____

Natatandaan ko na natuwa ako sa na

_____

_____

Ngayong araw na ito, maipagmamalaki kong natutuhan ko ang/ ang mga

_____

_____

*Marahil ay mayroon ka nang sapat na pag-unawa tungkol sa **balagtasan** at **sarsuwela**. Gayundin, natutuhan mo na ang kahalagahan ng malikhain at mapanagutang paggamit ng wika sa pamamagitan ng pag-unawa sa pagkakaiba ng katotohanan o opinyon at kaantasan ng pang-uri. Natitiyak ko na sa tulong ng mga gawain na naisagawa mo ay higit na lumawak at lumalim ang iyong pag-unawa. Paalala lamang na muli mong balikan ang **Kahon ng Hinuha** sa unahang bahagi ng araling ito, at dugtungan mo na ang huling pahayag sa labas ng kahon upang matiyak mo kung nauunawaan mo talaga ang araling ito. Maraming salamat.*

PAUNAWA:

Pagkatapos ng bahaging ito ay muling ipasagot sa mga mag-aaral ang ***Kahon ng Hinuha*** sa unahang bahagi ng araling ito.

Indibidwal na ipagawa ang bahaging ito sa mga mag-aaral. Tumawag ng mga mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang sagot.

Ilipat *Sa mga natutuhan mong mga araling pampanitikan at pangwika ay natitiyak kong kayang-kaya mong maisagawa ang Inaasahang Produkto- ang makasulat ka ng iskrip at diyalogo ng isang dula na sumasalamin sa pamilyang Pilipino. Bago iyan, nakatitiyak ako na makatutulong sa iyo ang karagdagang kaalaman na ito tungkol sa Inaasahang Produkto – ang pagsulat ng iskrip at diyalogo ng isang dula. Atin pang ipagpatuloy at alamin naman kung ano ang iskrip at Diyalogo. Simulan na natin.* Babasahin 4: **ANG ISKRIP AT DIYALOGO** (Kalakip 2.1.d)	Ang gawaing ito ay kailangang nabanggit na sa mga mag-aaral sa pagsisimula pa lamang ng aralin upang makapaghanda ang mga mag-aaral. Gawing pangkatang gawain ang bahaging ito. Ibigay sa kanila ang situwasyon at muling ibigay ang pamantayan sa pagmamarka upang malaman nila kung paano magkakaroon ng pagtataya sa kanilang gawain.
Babasahin 5: **MGA PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA SA PAGSULAT NG Iskrip at Diyalogo** (Kalakip 2.1.e) *Nakumpleto mo na ang araling ito. Bago ka dumako sa susunod na aralin, Bakit hindi mo subuking itaya ang iyong mga natutuhan? Maaari mo ng sagutan ang pangwakas na pagsusulit upang matiyak natin kung sapat na ang iyong kahandaan. Simulan mo na.*	
PANGWAKAS NA PAGSUSULIT	Ibigay ang pangwakas na pagtataya sa mga mag-aaral. Ipasulat ito sa kanilang sagutang papel. Tsekan agad ang pagtatayang ito upang maitaya ang naunawaan ng mga mag-aaral.

ARALIN 2.1: Ang Panitikan sa Panahon ng Komonwelt

Bilang ng Sesyon: 10

I. Panimula at Mga Pokus na Tanong

Pokus na tanong para sa Aralin 2.1:	**Mahahalagang Konsepto para sa Aralin 3.1:**
Malaya ba sa pagsulat ang mga manunulat sa panahon ng Komonwelt?	Lalo pang sumigla at tumaas ang panitikan sapagkat Wikang Pambansa ang ginamit na midyum sa pagsulat, dumami rin ang mga manunulat sa panahon ng komonwelt.
Bakit mahalaga ang gramatika sa pagsulat noong Panahon ng Komonwelt?	Dahil sa pagkakaroon ng kalayaan ng mga manunulat sa Panahon ng Komonwelt, naging inspirasyon sa kanila ang pagsulat ng mga akdang mananatili o tatatak sa isipan ng mga mambabasa kaya naman bukod sa aral na mapupulot sa akda, ginawa rin nila itong mas masining gamit ang mga kaugnay na wika tulad ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag at kayarian ng pang-uri.

Ibigay ang mga pokus na tanong sa mga mag-aaral. Maaari itong nakasulat sa kartolina o *manila paper* na nakapaskil sa pisara. Maaaring bigyan ng *post-it paper* ang mga mag-aaral na pagsusulatan nila ng kanilang sagot. Idikit ito sa ilalim ng bawat pokus na tanong. Hayaan itong nakapaskil na makikita ng mga mag-aaral hanggang sa pagtatapos ng pagtalakay sa buong modyul na ito. Pumili ng ilang mag-aaral nmagpapaliwanag ng kanilang sagot. Huwag munang ibigay ang tamang sagot sa mga mag-aaral. Hayaang sila ang makatuklas sa wastong sagot sa pag-aaral sa modyul.

II. Ang Mga Aralin at Ang Saklaw ng mga Ito
Aralin 2.1- Ang Panitikan sa Panahon ng Komonwelt

Aralin 2.1.1 a. Panitikan:Sanaysay (Talumpati)
"Wikang Pambansa" ni Manuel L. Quezon
b. Wika: Iba't ibang paraan ng pagpapahayag

Aralin 2.1.2 a. Panitikan: Maikling Kuwento
"Lupang Tinubuan" ni Narciso G. Reyes
b. Wika: Kayarian ng Pang-uri

Ibigay sa mga mag-aaral ang saklaw ng aralin upang mapaghandaan na ito ng mga mag-aaral. Maaaring imungkahi na sa mga mag-aaral na maaari na rin silang magsaliksik sa magiging aralin upang magkaroon na sila ng paunang kaalaman sa mga paksa.

III. Mga Inaasahang Kasanayan na Lilinangin sa Aralin 2.1		
	Mga Kasanayang Pampagkatuto	Bigyan ng sipi ang mga mag-aaral ng **mga kasanayang pampagkatuto** upang malaman na ng mga mag-aaral ang kasanayang lilinangin sa kanila. Dito ay maaaring maging handa ang mga mag-aaral sa bawat araling tatalakayin sapagkat alam nila ang inaasahan sa kanila.
ARALIN 2.1	<u>Pakikinig</u> Napauunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa diskursong pinakinggan • Naisasalaysay ang magkakaugnay na pangyayari sa napakinggan • Naihahambing ang sariling saloobin sa saloobin ng nagsasalita • Naiuugnay ang pinapaksa ng nagsasalita sa iba pang paksa at karanasan • Nakabubuo ng makabuluhang tanong batay sa napakinggan Napalalalim ang pag-unawa sa diskursong pinakinggan sa pamamagitan ng pagsusuri sa nilalaman nito • Nabubuod ang teksto batay sa mahahalagang punto • Naililipat ang impormasyon mula sa diskursong napakinggan tungo sa iba pang anyo (*transcoding*) Nakagagawa ng sariling reaksiyon (pasalita o pasulat) sa mga ideyang pinakinggan • Napipili ang angkop na ekspresiyon/pananalita sa pagpapahayag ng sariling puna • Nakagagawa ng angkop na pagwawasto sa inaakalang mga maling pananaw o impormasyong napakinggan at teksto <u>Pagsasalita</u> Nailalahad ang mga pagpapasiya batay sa mga patunay at katwiran Nakapangangatuwiran nang maayos at mabisa batay sa iba't ibang sitwasyon Nailalahad nang maayos ang pansariling pananaw, opinyon at saloobin	

		Pag-unawa sa Binasa Napipili ang pangunahin at pantulong na mga ideya o kaisipang nakasaad sa binasa Nahihinuha ang pamaksang diwa ng teksto Naiisa-isa ang mga tiyak na layon ng teksto Nakagagawa ng mga gawaing magpapatunay sa mapanuring pagbasa ng teksto • Nakabubuo ng balangkas ng binasang teksto • Nakabubuo ng sintesis ng mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa teksto • Naibibigay ang kaugnayan ng teksto sa: sarili ibang tao • Nakapangangatuwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa teksto Nasusuri ang iba't ibang uri ng panitikan batay sa kahulugan at katangian ng mga ito 1. Sanaysay • Nailalahad ang punong kaisipan at ang paraan ng pagpapaikli ng paksa • Nasusuri ang layunin ng paksa • Naipaliliwanag ang tema o kaisipang nakapaloob sa sanaysay • Nasusuri ang mga uri ng sanaysay at ang katangian ng bawat isa • Naipahahayag ang magandang kaisipang nais ipabatid ng may-akda sa kaniyang isinulat 2. Maikling kuwento • Naipaliliwanag ang mga elemento ng maikling kuwento • Naipaliliwanag ang motibasyon o dahilan ng mga kilos o gawi ng mga tauhan • Nabibigyang-kahulugan ang mga simbolo at pahiwatig na ginamit sa akda • Naibubuod ang binasang akda		Pag-unawa sa Binasa Napipili ang pangunahin at pantulong na mga ideya o kaisipa nakasaad sa binasa Nahihinuha ang pamaksang diwa ng teksto Naiisa-isa ang mga tiyak na layon ng teksto Nakagagawa ng mga gawaing magpapatunay sa mapanurin pagbasa ng teksto • Nakabubuo ng balangkas ng binasang teksto • Nakabubuo ng sintesis ng mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa teksto • Naibibigay ang kaugnayan ng teksto sa: ✓ sarili ✓ ibang tao • Nakapangangatuwiran sa napiling alternatibong solu o proposisyon sa suliraning inilahad sa teksto Nasusuri ang iba't ibang uri ng panitikan batay sa kahulugan at katangian ng mga ito: 3. Sanaysay • Nailalahad ang punong kaisipan at ang para ng pagpapaikli ng paksa • Nasusuri ang layunin ng paksa • Naipaliliwanag ang tema o kaisipang nakapa sa sanaysay • Nasusuri ang mga uri ng sanaysay at ang ka ng bawat isa • Naipahahayag ang magandang kaisipang na ipabatid ng may-akda sa kaniyang isinulat 4. Maikling kuwento • Naipaliliwanag ang mga a elemento ng maik kuwento • Naipaliliwanag ang motibasyon o dahilan ng kilos o gawi ng mga tauhan • Nabibigyang kahulugan ang mga simbolo at pahiwatig na ginamit sa akda • Naibubuod ang binasang akda

		<u>Pagsulat</u> Naisasaalang-alang ang mga kasanayan sa paggamit ng Filipino sa pagsulat ng talata • Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa: pagbibigay ng depinisyon paghahalimbawa paghahawig o pagtutulad • Naisasaayos ang mga pangungusap sa loob at pagitan ng talata upang magkaroon ng kaisahan sa pamamagitan ng: pag-aayos ng mga detalye na lohikal ang pagkakasunod-sunod paggamit ng mga ekspresiyong transisyunal paglalahad ng mga pangungusap nang may magkatulad na pagkakabuo Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng talata • Nakabubuo ng balangkas upang maipakita nang malinaw ang sariling ideya at intensiyon sa pagbuo ng komposisyon • Nagagawang kawili-wili ang panimula ng komposisyon sa pamamagitan ng isang: kaakit-akit na pahayag napapanahong sipi o banggit • Nawawakasan ang komposisyon nang may pangkalahatang impresiyon sa pamamagitan ng: pagbubuod makabuluhang obserbasyon Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad Naisasaalang-alang ang mga kailanganin sa pagsulat ng sanaysay • Nakapipili ng isang napapanahong paksa • Nakapagtatala ng mga kinakailangang impormasyon		<u>Pagsulat</u> Naisasaalang-alang ang mga kasanayan sa paggamit ng Fili sa pagsulat ng talata • Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapa ng paksa: ✓ depinisyon ✓ paghahalimbawa ✓ paghahawig o pagtutulad • Naisasaayos ang mga pangungusap sa loob at pagitan ng talata upang magkaroon ng kai sa pamamagitan ng: ✓ pag-aayos ng mga detalye na lohika ang pagkakasunod-sunod ✓ paggamit ng mga ekspresiyong tran ✓ paglalahad ng mga pangungusap na may magkatulad na pagkakabuo Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng talata • Nakabubuo ng balangkas upang maipakita n malinaw ang sariling ideya at intensiyon sa p ng komposisyon • Nagagawang kawili-wili ang panimula ng komposisyon sa pamamagitan ng isang: ✓ kaakit-akit na pahayag ✓ napapanahong sipi o banggit • Nawawakasan ang komposisyon nang may pangkalahatang impresiyon sa pamamagitan ✓ Pagbubuod ✓ makabuluhang obserbasyon Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad Naisasaalang-alang ang mga kailanganin sa pagsulat ng sar • Nakapipili ng isang napapanahong paksa • Nakapagtatala ng mga kinakailangang impo • Nakapagpapangkat-pangkat ng magkakaug na ideya at impormasyon

		• Nakapagpapangkat-pangkat ng magkakaugnay-ugnay na ideya at impormasyon • Napalalawak ang mga kaisipang kaugnay ng paksa • Nakabubuo ng isang: makatawag-pansing simula mabisang wakas <u>Tatas</u> Naipamamalas ang natamong mga kaalaman at kakayahan sa paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo <u>Pakikitungo sa Wika at Panitikan</u> Nagpapakita ng kawilihan at kasabikan sa pagbuo at pagsagot sa mga tanong at puna sa panitikan <u>Estratehiya sa Pag-aaral/Pananaliksik</u> Nagagamit ang angkop na estratehiya sa pag-aaral Naipamamalas ang kakayahang maiangkop ang bilis ng pagbasa sa layunin at antas ng kahirapan ng akda Nalilikom ang kakailanganing mga impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunang sanggunian Nailalahad nang maayos ang nalikom na mga impormasyon sa isinagawang pananaliksik tungkol sa *mockumentary* Nagagamit ang diksyunaryo at iba pang kagamitang sanggunian sa aklatan/*internet*		• Napalalawak ang mga kaisipang kaugnay ng • Nakabubuo ng isang: ✓ makatawag-pansing simula ✓ mabisang wakas <u>Tatas</u> Naipamamalas ang mga natamong kaalaman at kakayahan sa paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo <u>Pakikitungo sa Wika at Panitikan</u> Nagpapakita ng kawilihan at kasabikan sa pagbuo at pagsag sa mga tanong at puna sa panitikan <u>Estratehiya sa Pag-aaral/Pananaliksik</u> Nagagamit ang angkop na estratehiya sa pag-aaral Naipamamalas ang kakayahang maiangkop ang bilis ng pag sa layunin at antas ng kahirapan ng akda Nalilikom ang mga kakailanganing impormasyon mula sa iba ibang pinagkukunang sanggunian Nailalahad nang maayos ang mga nalikom na impormasyon sa isinagawang pananaliksik tungkol sa *mockumentary* Nagagamit ang diksyunaryo at iba pang kagamitang sanggu sa aklatan/*Internet*

IV. Konseptuwal na Balangkas ng Aralin 3.1



Makabubuting maipaskil sa loob ng silid ang **Konseptuwal na Balangkas** na ito upang maging gabay ng guro at mag-aaral sa pagtalakay ng aralin. Isulat sa *manila paper* o kartolina. Talakayin ang mga araling nakapaloob sa araling ito.

V. Panimulang Pagtataya (para sa Aralin 2.1)

Unang Bahagi

Panuto: Ibigay ang magkaibang katangian ng dalawang uri ng sanaysay. (Para sa bilang 1– 4.



Ibigay sa mag-aaral ang panimulang pagtataya para sa aralin. Sabihin sa kanilang kukuhanin lamang ang dati nilang kaalaman sa magiging paksa. Pagkatapos masagot ng mga mag-aaral ang panimulang pagtataya ay tsekan agad ito upang mataya kung saang bahagi ang kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa magiging aralin.

Ikalawang Bahagi

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na bahagi ng teksto upang masagot ang kasunod na mga tanong.

Ang matandang babae ay 'di nakasagot. Babae palibhasa at ina ng nag-tatanong na dalaginding ay natarok na kapagkaraka ang lagay ng kalooban ng kani-yang anak. Si Irene ay hindi nga sasalang ginugulo noon ng mga suliranin ng puso. Umiibig, di sasalang siya'y umiibig.

"Hindi," ang tiyak na sagot.

"Nang makilala mo ba si Tatang," ang patuloy *na tanong, "ay may naramda-man ka bang pintig sa loob ng dibdib?"*

"Oo!"

"Ipinagtapat mo ba sa iyong Inang?

"Oo!"

"E ano ang sinabi sa iyo?"

"Nagalit, kinagalitan akong mabuti at sinabing di sasalang ako'y may iniibig na lalaki. Ako'y kaniyang pinagbalaan. At pinagsabihang kapag ako'y nag-asawa ay kaniyang papatayin."

"Ay, ano ang naging sagot mo?"

"Ako'y nangako, sinabi kong ang lalaking aking nakilala ay aking isusumpa."

"Kung gayo'y bakit mo naging asawa si Tatang?"

SUSI SA PAGWAWASTO

Unang Bahagi

Pormal

- nagbibigay ng impormasyon;
- nagbibigay ng mahahalagang kaisipan o kaalaman sa pamamagitan ng makaagham at lohikal na pagsasaayos sa paksang tinatalakay;
- maingat na pinipili ang pananalita;
- ang tono ay mapitagan;
- obhektibo o di kumikiling sa damdamin ng may-akda

Pamilyar

- nagsisilbing aliwan/libangan;
- nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksang karaniwan, pang-araw-araw at personal;
- ang pananalita ay parang nakikipag-usap lamang;
- pakikipagkaibigan ang tono;

"Sapagkat. . . ang pag-ibig ay isang damdaming sintigas ng bato at di nadudurog sa hampas ng alon, hindi natitinag sa kinalalagyan, mamatay … mabuhay, laging sariwa."

"A, kaya pala!"

"Kaya palang ano?"

"Kaya pala lagi nang kakaba-kaba ngayon ang aking dibdib."

Ang ina ay napahagulgol ng iyak nang ganap na maunawaan ang ibig sabihin ni Irene.

Mula sa, Ang Dalaginding
ni Iñigo Ed. Regalado

5. Ang tinutukoy na dalaginding ay mga babaeng nasa edad _____.
   a. 10 – 12
   b. 13 – 15
   c. 16 – 18
   d. 19 – 21

6. Ang salitang **sariwa** ay halimbawa ng _____.
   a. pangngalan
   b. panghalip
   c. pandiwa
   d. pang-uri

7. *"Ang pag-ibig ay isang damdaming <u>sintigas</u> ng bato." Ang salitang may salungguhit ay nasa anyo ng pang-uri na _____.*
   a. *payak*
   b. *lantay*
   c. *pahambing*
   d. *pasukdol*

8. *"Ako'y kaniyang pinagbalaan. At pinagsabihang kapag ako'y nag-asawa*

- subhektibo sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may-akda

Ikalawang Bahagi

5. B
6. D
7. C
8. D
9. B
10. C

ay kaniyang papatayin." Alin sa sumusunod ang pinakamalapit na interpretasyon ng binasang pahayag?

a. Gagawin ng magulang ang lahat masakop lamang ang anak maging sa pag-ibig.
b. Hindi nakauunawa ang magulang sa damdamin ng mga taong umiibig kahit pa nga ito ay kaniyang anak.
c. Takot ang magulang maiwanan ng anak sa pag-aakalang hindi na sila aalagaan sa kanilang pagtanda.
d. Ayaw ng magulang na umibig ang anak sa murang edad pa lamang .

9. Inilarawan ang pag-ibig sa akda sa pamamagitan ng _____.
   a. pagpapaliwanag sa kahulugan nito
   b. paghahambing gamit ang tayutay
   c. pagsasalaysay sa karanasan ng tauhan
   d. pagpapahayag ng sariling karanasan
10. *"Kaya pala lagi nang kakaba-kaba ngayon ang aking dibdib." Ano ang mahihinuha sa pahayag na ito ni Irene?*
   a. Laging may takot na nadarama si Irene kapag kausap ang ina.
   b. Hindi na nakadarama ng kapayapaan si Irene dahil sa mga kagalit.
   c. Si Irene ay nagsisimula nang umibig.
   d. Bunga ng sakit ang kabang nadarama ni Irene.

VI. YUGTO NG PAGKATUTO PARA SA ARALIN 2.1

ALAMIN:

*Bago pa man dumating ang mga mananakop tayo ay may sarili ng panitikan. Hindi natin maikakaila na yumabong pa ito sa kanilang pagdating. Sa araling ito ay nakapokus tayo sa Sanaysay at Maikling kuwento sa Panahon ng Komonwelt. Marahil ay maitatanong mo sa iyong sarili, ano kaya ang kalagayan ng ating panitikan at manunulat sa panahong ito? Bigyang-pansin mo rin ang mahalagang tanong na: "**Malaya ba sa pagsulat ang mga manunulat sa Panahon ng Komonwelt?**" Inaasahan kong ang mga gawain at*

Ilahad ang mga panitikang bibigyang-pansin sa aralin na ito – ang Sanaysay at ang maikling kuwento sa Panahon ng Komonwelt. Nauna nang naibigay at naipasagot ang mahahalagang tanong kaya't sa bahaging ito ay maaari sabihin ang inaasahang isasagawa nila pagkatapos ng aralin. Ilahad na rin sa mga mag-aaral ang pamantayan sa pagmamarka ng inaasahang produkto. Sangguniin sa huling bahagi ng aralin ang rubriks.

pagsasanay sa bahaging ito ay makatutulong upang masagot ang mga tanong na ito.

Gawin mo ring gabay ang pamantayang pangnilalaman kung saan ay maipamamalas mo bilang mag-aaral ang pag-unawa sa ilang akdang pampanitikan partikular na ang sanaysay na umusbong noong Panahon ng Komonwelt hanggang sa kasarinlan. Inaasahan na sa pagtatapos ng araling ito ay makapagsasagawa ka ng ***mockumentary*** *tungkol sa wika.*

Sa pagsisimula mo sa araling ito, iyong isulat ang una mong naisip tungkol sa manunulat noong Panahon ng Komonwelt sa tulong ng ***Generalization Table****.*

GAWAIN 2.2.1: **Generalization Table**

Ang unang kolum ang unang sasagutan bago ang kasunod na mga kolum. Ang ikalawa at ikatlong kolum ay sa susunod na mga bahagi ng aralin at ang huli ay sa bahaging **Paunlarin** ng araling ito.

Una kong naisip na . ..	Natuklasan ko na . . .	Patunay nito ang . .	Kaya ang aking kongklusyon ay:

Himukin ang mga mag-aaral na isulat ang kanilang sagot sa *coupon bond* na may ginayang pormat ng *generalization table.* Ang unang kolum muna ang sasagutan. Bigyan sila ng tatlong minuto upang maisagawa ito. Pagkatapos ay pagpangkatin ang mga mag-aaral. Bigyan ang bawat magkapareha ng tatlong (3) minuto upang magtalakayan sa kanilang naging sagot. Pumili ng ilang magkapareha na magbabahagi ng kanilang napag-usapan. Matapos ang pagpapalitan ng ideya, ipadikit ito sa gilid ng pisara isang bahagi ng silid-aralan na magsisilbing *bulletin board* ng mag-aaral.

GAWAIN 2: **3-2-1 ACTION!**

Gamit ang estratehiyang 3-2-1, piliin sa kahon ang tatlong (3) akdang napabantog sa Panahon ng Komonwelt at ang manunulat ng mga akdang ito, dalawang (2) katangian ng akda at manunulat na may likha ng mga ito at isang (1) tanong/pahayag na nais mo pang mabatid tungkol sa manunulat at sa kanilang akda.

Mga Manunulat	**Mga Akda**
Genoveva Edroza Matute	Ang Anluwage
Buenaventura S. Medina Jr.	Ang Dalaginding
Adriano P. Landicho	Lugmok na ang Nayon
Iñigo Ed. Regalado	Lupang Tinubuan
Narciso G. Reyes	Sa Aking mga Kabata
Deogracias A. Rosario	Hikbi sa Karimlan

3	Mga akdang napabantog sa Panahon ng Komonwelt at ang manunulat ng mga akdang ito 1. 2. 3.

Maaaring isulat sa kartolina, manila paper o sa pamamagitan ng *power point presentation* ang pangalan ng mga manunulat at mga akdang pagpipilian. Maaari pa itong dagdagan kung kinakailangan. Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral sa gawaing ito. Sa unang limang minuto ay gagawin ng indibidwal ang gawain na isusulat sa kanilang kuwaderno at ang natitirang limang minuto ay hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi sa kapangkat ang kanilang ginawa. Pumili ng lider na magbabahagi sa klase ng kanilang napag-usapan.

SUSI SA PAGWAWASTO

Mga akdang napabantog sa Panahon ng Komonwelt at ang manunulat ng mga akdang ito

1. Ang Dalaginding - Iñigo Ed. Regalado
2. Lupang Tinubuan - Narciso G. Reyes
3. Wikang Pambansa - Manuel L. Quezon

Katangian ng akda at manunulat sa naging sagot sa **3**

1. **Akda:**

Ang Dalaginding - may tauhan/mga tauhang humaharap

2	Katangian ng akda at manunulat sa naging sagot sa **3** 1. 2.
1	Tanong/pahayag na nais mo pang mabatid tungkol sa manunulat at sa kaniyang akda 1.

humaharap sa suliranin; maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

Lupang Tinubuan - may tauhan/mga tauhang humaharap sa suliranin; may aral na nag-iiwan ng kakintalan sa isip

Wikang Pambansa - tumatalakay sa pagmamahal sa wika; nanghihikayat sa mambabasa/tagapakinig

2. **Manunulat**

Iñigo Ed. Regalado – mahusay na manunulat; makata ng pag-ibig

GAWAIN 2.2.3**: Ilalahad Ko, Kilalanin Mo**

Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang bawat aytem ay tumutukoy tungkol sa sanaysay, ekis (X) kung ito ay tumutukoy naman sa maikling kuwento at *asterisk* (*) kung parehong tumutukoy sa sanaysay at maikling kuwento.

__ nagbibigay ng mahahalagang kaisipan

__ ito ay orihinal na panitikan ng mga Pilipino

__ nagsisilbing aliwan/libangan

__ kabilang ang sulating pampahayagan

__ may mga tauhang nagsisiganap

Paunawa: Maaari pang magsaliksik ang guro para sa karagdagang impormasyon para sa katangian ng mga akda at manunulat.

Nakabatay sa mag-aaral ang kanilang sagot.

Isulat sa kartolina o *manila paper* ang gawaing ito. Bigyan lamang ng 3-5 minuto ang mag-aaral sa pagsagot. Indibidwal na ipagawa sa mag-aaral ang gawaing ito. Pagkatapos itong isagawa ay ipawasto rin sa mag-aaral ang gawain upang makita nila ang kanilang kaalaman sa mga araling tatalakayin.

__ Buenaventura S. Medina Jr.

__ Deogracias A. Rosario

__ Michel de Montaigne

__ maaaring iugnay sa sariling karanasan at karanasan ng ibang tao

__ ginagamitan ng masisining o mga tayutay na salita

PAUNLARIN

Ang bahaging ito ay makatutulong sa iyo upang maunawaan mo ang mahahalagang kaisipan/konsepto na saklaw ng aralin. Ang mga akdang pampanitikan na pag-aaralan natin sa bahaging ito ay Sanaysay at Maikling kuwento na sumibol sa Panahon ng Komonwelt. Mahalagang masagot sa bahaging ito ang tanong na: "Malaya ba sa pagsulat ang mga manunulat sa Panahon ng Komonwelt?"

Simulan natin sa ***sanaysay****. Sa lahat ng uri ng panitikan, ang sanaysay ang sinasabing may pinakakaunting bilang ng manunulat dahil sa malayo ito sa damdamin ng mga tao. Gayon pa man, mananatiling ang nilalaman nito ay kapupulutan ng aral at aliw sa mambabasa.*

Sa araling ito ay gawing gabay ang sumusunod na tanong na makatutulong sa iyo sa maaari mong maging tunguhin sa araling ito.

Thinking about Primary Sources...

Mabisa bang paraan ng paglalahad ng katuwiran ang pagsulat ng sanaysay?	Bakit mahalaga ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag sa isang sanaysay?
_____	_____
_____	_____
_____	_____

SUSI SA PAGWAWASTO

1. *	6. √
2. √	7. X
3. X	8. √
4. √	9. *
5. X	10. *

Sa nakasulat na pormat ng *thinking about primary sources* sa pisara, kartolina o *manila paper*, ipagawa nang pangkatan ang gawain. Bigyan ang bawat pangkat ng kartolina at *pentel pen.* Ipakopya ang pormat sa bawat pangkat. Bigyan ng 20 minuto ang mag-aaral sa pagkopya, pagsagot at pagpapalitan ng opinyon sa gawain. Papiliin sila ng lider na magbabahagi sa klase ng kanilang napag-usapan.

GAWAIN 2.2.1.a: **Konseptulong**

Magbigay ng mga pantulong na konsepto na may kaugnayan sa salitang sanaysay na sa iyong palagay ay makatutulong upang makabuo ng isahang konsepto para sa aralin.

Sanaysay

Isahang konsepto sa salitang sanaysay

_____

_____

_____

Magbigay ng impormasyon tungkol sa may gawa ng talumpating tatalakayin, si Manuel L. Quezon.

- Kapanganakan
- Pamilya
- Mga Katangian
- Naiambag sa Pilipinas

Ipagawa nang indibidwal ang gawaing ito. Ipasulat sa kanilang kuwaderno ang pormat at ang kanilang sagot. Bigyan ng 5 minuto ang bawat mag-aaral at pagkatapos ay pumili ng ilan sa kanila na ibabahagi ang kanilang naging konsepto.

Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Ipagawa nang pangkatan ang bahaging ito. Bigyan ng 20 minuto ang bawat pangkat sa pagpapalitan ng opinyon sa gawain at kung paano nila ito ibabahagi sa klase. Maaaring ipagawa ang sumusunod na pamamaraan: (Ang mga pamamaraang ito ay mungkahi lamang, maaaring gumamit o madagdag pa ng iba pamamaraan ang guro.)

a. *Impersonation*

b. *Talk Show*

c. *Role Playing*

d. *One-on-One Interview*

Ang pamamaraan ay maaaring isulat sa isang makulay na papel na ang likod ay makikita ang mukha ni Manuel L. Quezon. Katabing nakasulat sa pamamaraan ang bilang na magtatakda kung pang-ilan ang kanilang pangkat na magtatanghal. Pabunutin ang lider ng bawat pangkat.

Magdagdag ng iba pang impormasyon tungkol kay Manuel L. Quezon.

Babasahin 1: **WIKANG PAMBANSA NI MANUEL L. QUEZON** (Kalakip 2.1.a)

Hingan ng impormasyon ang mga mag-aaral tungkol sa talumpati. Aalamin lamang kung pamilyar ang mga mag-aaral tungkol dito. Kung walang makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa talumpati, magbigay ng impormasyon tungkol dito. Sabihing ang tatalakayin ay isang halimbawa nito.

Hingan ng ideya ang mga mag-aaral tungkol sa Wikang Pambansa gamit ang *concept map* bago ipabasa ang sanaysay (talumpati) na ipatatalakay. Pumili ng mag-aaral na mahusay bumasa sa paraang patalumpati rin.

GAWAIN 2.2.1.b: **Paglinang ng Talasalitaan**

Pumili ng isang salita sa akdang iyong binasa, ilagay ito sa pinakagitnang kasunod na grapiko. Ibigay ang kahulugan, ang katangian, ang bahagi ng panalita at ang halimbawang pangungusap.



Pagkatapos maipabasa ang akda, ipasagot sa mag-aaral ang paglinang ng talasalitaan gamit ang *Frayer Model. Ang frayer model* ay maaaring nakasulat sa pisara, sa kartolina, o sa *manila paper.* Maaari itong gawing paligsahan sa bawat pangkat. Sa mapipili nilang salita ay paramihan sila ng maisasagot sa apat na kategorya – kahulugan, katangian, bahagi ng panalita sa ibinigay na kahulugan, at paggamit ng mga ito sa pangungusap. Ipagawa ito sa loob ng limang minuto. Ang pinakamaraming tamang sagot ang magwawagi.

GAWAIN 2.2.1.c: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

Isulat ang sumusunod na mga tanong at ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Isulat ang sumusunod na tanong at ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa iyong palagay, bakit kailangang magkaroon ng wikang pambansa ang Pilipinas?
2. Bigyang interpretasyon ang pahayag na nakasulat nang pahilig: "Kailangang magkaroon ng sariling wika ang Pilipinas, *isang wikang nakabatay sa isa sa mga katutubong wika."*
3. Kung ikaw ay nasa katayuan ni dating Pangulong Quezon, tulad din ba ng kaniyang desisyon ang iyong gagawin upang magkaroon tayo ng isang wikang pambansa? Bakit?
4. Sa kasalukuyan, makikita bang malaya ang mga Pilipino sa paggamit ng wikang pambansa? Magbigay ng sitwasyon batay sa sariling karanasan o ng ibang taong nakapaligid sa iyo.
5. Bilang isang kabataan, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa wikang pambansa?
6. Pakinggan ang awiting *Ako'y Isang Pinoy* ni Florante. Ilahad ang pangunahing ideya sa awit na ito. May kaugnayan ba ang awit na ito sa talumpati ni Manuel L. Quezon? Ilahad ito.
7. Sa damdaming namamayani sa iyo tungkol sa wika, ihambing ito sa damdaming namamayani sa awit.
8. Bakit kailangang magkaroon ng wikang pambansa ang Pilipinas?

Itanong sa mga mag-aaral ang mga tanong bilang 1-5. Sabihin sa mag-aaral na pagkatapos ng talakayan ay pakikinggan naman nila ang awit ni Florante na *Ako'y Isang Pinoy.* Papikitin ang mag-aaral upang maramdaman nila ang nilalaman ng awit. Sabihin sa kanilang ang kakayahan nila sa pakikinig ay susubukin.

Pagkatapos marinig ang awit ay itanong ang bilang 6-8. Maaari pang dagdagan ang mga tanong na lilinang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.

Ang *Sanaysay* ay isang uri ng panitikan na nasa anyong

tuluyan na ipinahahayag ang sariling kaisipan, kuro-kuro,

Ibigay ito bilang input tungkol sa sanaysay. Maaaring isulat sa pisara, kartolina o *manila paper* ang mahahalagang impormasyon.

saloobin at damdamin na kapupulutan ng aral at aliw ng mambabasa.

Ayon kay Alejandro G. Abadilla, ito'y "pagsasalaysay ng isang sanay." Ang Sanaysay ay anyo ng sulating hiram. Noong 1580, isinilang ito sa Pransiya at si Michel de Montaigne ang tinaguriang ama. Ito ay tinawag niyang *essai* na nangangahulugang isang pagtatangka, isang pagtuklas, isang pagsubok sa anyo ng panulat.

Ang dalawang uri ng sanaysay ay *pormal* at *di-pormal* o *pamilyar*. Narito ang kanilang pagkakakilanlan.

Pormal	**Di-Pormal o Pamilyar**
Nagbibigay ng impormasyon	Nagsisilbing aliwan/libangan
Nagbibigay ng mahahalagang kaisipan o kaalaman sa pamamagitan ng makaagham at lohikal na pagsasaayos sa paksang tinatalakay	Nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksang karaniwan, pang-araw-araw at personal
Maingat na pinipili ang pananalita	Ang pananalita ay parang nakikipag-usap lamang
Ang tono ay mapitagan	Pakikipagkaibigan ang tono

Obhektibo o di kumikiling sa damdamin ng may-akda	Subhektibo sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may-akda

GAWAIN 2.2.1.d: **Tukuyin ang Kaibahan**.

Sanaysay

Iba pang panitikan

Paano nagkatulad?

Paano nagkaiba sa…

Uri
Katangian
Pagkakalahad
Iba pang pagpapaliwanag

Ipaliwanag sa mag-aaral ang Diyagram ng Hambingan at Kontrast. Maaaring gumamit ng iba pang estratehiya sa paghahambing tulad ng *venn diagram* at *compare and contrast chart*. Indibidwal itong ipagawa sa mag-aaral. Sa gawaing ito ay magkakaroon ng pagtataya sa kaaaman ng mga mag-aaral tungkol sa sanaysay at sa iba pang panitikan.

Ipabasa ang isa pang halimbawa ng sanaysay, ang *Ako ay Ikaw.* Maaari itong gawing dugtungang pagbasa.

Babasahin 2: **AKO AY IKAW NI HANS ROEMAR T. SALUM** (Kalakip 2.1.b)

Mga Gabay na Tanong:

1. Anong uri ng sanaysay ang binasang akda. Ipaliwanag.

2. Pansinin ang kasunod na mga pangungusap na may salungguhit. Ano ang layunin ng mga pangungusap na ito?

Matagal na panahon na rin simula nang ako ay ipaglaban ni dating Pangulong Mauel L. Quezon.

_____

Sa paglipas ng panahon ay mabilis na naging moderno na ang ating bansa

_____

Pakiramdam ko ay binihisan ako upang sumabay sa makabagong panahon.

_____

Sa makabagong panahon, gamitin mo ako kung sa paraan ng iyong wika ang ibig mo, piliin lamang sa tamang panahon at tamang sitwasyon, tiyak na ang aking patuloy na pag-unlad.

Iba-iba ang paraan ng pagpapahayag, maaaring *paglalahad*, *paglalarawan*, *pagsasalaysay*, at *pangangatuwiran*. Ang **paglalahad** ay may layuning magpaliwanag. Layunin ng **paglalarawan** ang ipakita ang kabuuang anyo ng tao, bagay o pook upang maipakita ang kaibahan nito sa mga kauri. Kung ang nais ay maglahad ng mga pangyayari, **pagsasalaysay** ito. **Pangangatuwiran** kung ito ay may layuning umakit ng iba sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga katuwiran.

Magkaroon ng talakayan tungkol sa ipinabasang sanaysay sa tulong ng mga gabay na tanong. Maaaring isulat sa pisara, kartolina, o *manila paper* ang mga gabay na tanong at talakayin ito sa paraang UTS o Ugnayang Tanong-Sagot

Sabihin sa mag-aaral na malalaman kung wasto ang naging sagot sa katatapos na gawain sa pamamagitan ng pagtalakay tungkol sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag.

Magbigay na ng input tungkol sa iba't ibang uri ng pagpapahayag. Upang higit pang maunawaan ng mag- aaral, magbigay pa ng halimbawa. Hingan din sila ng sarili nilang halimbawa bago ipagawa ang susunod na gawain.

GAWAIN 2.2.1.e: **Pagbuo ng Sariling Yaman**

Sumulat ng sariling pagpapahayag tungkol sa isang bagay na itinuturing mong sarili mong yaman na maaaring sa paraang paglalahad, paglalarawan, pagsasalaysay, at pangangatuwiran. Magkakaroon ng pagtataya sa iyong ginawa sa pamamagitan ng sumusunod na pamantayan: a.) kalinawan; b.) wastong gamit ng gramatika; c.) wastong gamit ng bantas; d.) kaisahan ng salita, pangungusap at talata; e.) makatotohanan; at f.) naglalahad, naglalarawan, nagsasalaysay o nangangatuwiran (depende kung anong paraan ng pagpapahayag ang pinili ng mag-aaral).

Pagkatapos ibigay ang panuto ng gawain, ibigay ang pamantayan sa mga mag-aaral sa pagsulat upang malaman nila kung paano itataya ang kanilang gawain. Bigyan ng 30 minuto ang mga mag-aaral sa gawaing ito. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang ginawa. Pabigyan ito ng *feedback* sa mga kamag-aral batay sa mga

GAWAIN 2.2.1.f: **Balita Mo, Isusulat Ko**

Sumulat ng sariling sanaysay na maaaring sa anyong pormal o pamilyar mula sa napanood na bagong balita sa telebisyon o sa mga balitang dokumentaryo. Gamitin ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag. Malaya kang pumili ng anomang paksa sa napanood. Magkakaroon ng pagtataya sa iyong ginawa sa pamamagitan ng sumusunod na pamantayan: a.) kaisahan ng salita, pangungusap at talata; b.) wastong gamit ng gramatika; c.) wastong gamit ng bantas; d.) makatotohanan; at e.) gamit ang iba't ibang uri ng pagpapahayag.

Ibigay ang panuto ng gawain, ibigay ang pamantayan sa mga mag-aaral sa pagsulat upang malaman nila kung paano itataya ang kanilang gawain. Pagpartnerin ang mga mag-aaral at isagawa ang pamamaraang ***people smart***. Sa pamamaraang ito ay hayaang ang magkapareha ang magbigay at tumanggap ng puna sa kanilang ginawa batay sa mga pamantayang ibinigay. Pumili ng magkapareha na magbabahagi ng ibinigay at natanggap nilang puna. Magbigay rin ng puna ang guro kung kinakailangan.

Una kong naisip na . ..	Natuklasan ko na . . .	Patunay nito ang . . .

Kaya ang aking kongklusyon ay:

Sa tsart na ito ay nauna nang ipinagawa sa mga mag-aaral ang unang kolum sa bahaging **Alamin**. Sa pagkakataong ito ay papunan na ang ikalawa at ikatlong kolum. Punan ang mga kolum na ito.

GAWAIN 2.2.1.g: **YES/NO Analysis**

Ibigay ang sariling opinyon tungkol sa kahalagahan ng opinyon at katuwiran sa isang Sanaysay noong Panahon ng Komonwelt.

Mahalaga ba sa paglalahad ng opinyon at katuwiran ang sanaysay noong Panahon ng Komonwelt?

Oo

Hindi

GAWAIN 2.2.1.h: **Ang Mali Noon, Itatama Ngayon…**

Sa tulong ng *reflective journal* ay itala ang kabuuang konseptong natutuhan sa aralin.



Ang lagom ng aking nagawa sa aralin:

- (panitikan)
- (wika)

Mga bago kong natutuhan sa paraan ng paglalahad ng katuwiran gamit ang sanaysay:

-
-

Naunawaan ko na ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ay:

Hikayatin ang bawat pangkat na gawin ito sa masining na paraan. Maaaring sa pamamagitan ng pamamaraang *teaching-learning* situation, *talk show, interview* o iba pa. Hingan ng *feedback* ang bawat pangkat sa mga itinanghal na gawain. Ang tuon sa pagbibigay ng *feedback* ay ang naging sagot nila sa tanong at hindi pokus sa kanilang pagganap. Magbigay rin ng *feedback* ang guro.

Indibidwal na ipagawa ang gawaing ito. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno. Tawagin ang mag-aaral upang ibahagi sa klase ang kanilang naging kasagutan. Maaari itong gawing *exit card* na magtataya sa natutuhan ng mga mag-aaral sa naging aralin bago lumipat sa bagong paksa ng aralin.

-
-

Ang dati kong kaalaman na natuklasan kong mali sa:

- (panitikan)
- (wika)

Natulungan akong maunawaan na

- (panitikan)
- (wika)

Sa aking palagay, magagamit ko ang kaalamang ito sa pamamagitan ng:

- (sa pag-aaral)
- (sa tunay na buhay)

GAWAIN 2.2.1.i: **Natutuhan ay Isasabuhay…**



Subukin mo na ngayon ang panghuling gawain sa araling ito. Bilang pagtataya sa iyong natutuhan, isabuhay mo ito sa tulong ng gawaing ito.

Ikaw ay kabataang mag-aaral na naimbitahang dumalo sa gaganaping programa para sa Buwan ng Wikang Pambansa upang ipagtanggol ang wika ng kabataan sa harap ng mamamayan dahil sa hindi responsableng paggamit ng wika. Ikaw ay makikibahagi sa pagsasagawa ng *mockumentary* na magkakaroon ng pagtataya sa pamamagitan ng: a.) mahusay na pagbibigay ng katuwiran; b.)

Bilang paghahanda sa susunod na gawain, magbigay ng input tungkol sa *mockumentary.* Maaaring magpanood sa kanila ng halimbawa ng *mockumentary.* (Ito ay dapat na nabanggit na rin sa mag-aaral sa unang araw pa lamang bago ang pagtalakay sa aralin.)

Ang **mockumentary** ay isang uri ng pelikula o programang pantelebisyon na kadalasang ginagamit sa pagsusuri o pagbibigay puna sa napapanahong pangyayari at isyu sa bansa na maaaring komedya o katawa-tawa o drama. Ito ay maaaring isang paraan ng panggagaya na maaaring ang bahagi o ang kabuuan ay itinatanghal nang natural upang maging makatotohanan. Upang maragdagan pa ang kaalaman dito, makatutulong ang http://en.wikipedia.org/wiki/List_of_mockumentaries.

makatotohanan; c.) nakahihikayat sa pagbibigay ng katuwiran; at d.) nagagamit ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag.

MGA PAMANTAYAN SA PAGTATAYA SA GINAWANG PAGTATANGHAL NG *MOCKUMENTARY (*Kalakip 2.1.c)

Pag-aaralan naman natin ngayon ang isa pang uri ng panitikang tuluyan – ang **maikling kuwento. (Aralin 2.2)**

Ang maikling kuwento ay isang sangay ng panitikan na masining ang pagkakalikha upang mabisang maikintal sa isip at puso ng mga mambabasa ang mga pangyayaring nakapaloob dito.

Inaasahan na sa pagtatapos ng araling ito ay masagot mo ang mga gabay na tanong upang ikaw ay makabuo ng mahahalagang konsepto para sa aralin. Inaasahang makabubuo ka ng advertisement poster sa pagtatapos ng araling ito. Ang pamantayan sa pagtataya ng iyong gagawin ay batay sa a.) kasiningan; b.) pagkamalikhain;at c.) pagiging makatotohanan.

Mga Gabay na Tanong:

1. Paano nakatulong ang maikling kuwento sa mga manunulat at sa iba pang Pilipino noong panahon ng komonwelt?
2. Bakit gumagamit ng iba't ibang kayarian ng pang-uri ang isang kuwentista?

GAWAIN 2.2.a**: Katotohanan o Opinyon?**

Sagutin ang sumusunod na mga gabay na tanong sa tulong ng *fact or opinion analysis*. Matutuklasan mo ang wastong sagot sa pagpapatuloy mo sa araling ito.

Ilahad sa mga mag-aaral ang magiging aralin. Ibigay ang inaasahang pagganap sa mga mag-aaral, ang paggawa ng *advertisement poster* na isasagawa bilang pangkatang gawain. Ibigay rin sa kanila ang magiging pamantayan sa pagmamarka ng kanilang gawain nang sa ganoon ay makapaghanda ang mga mag-aaral sa gawaing ito.

Ipasagot ang mga gabay na tanong sa tulong ng *fact or opinion analysis*. Ipasulat sa kuwaderno ang kanilang sagot. Bigyan sila ng tatlong minuto upang sagutan ang gawain at limang minuto upang pag-usapan ang mga ito sa kani-kanilang kapangkat. Pumili ng kinatawan ng pangkat na maglalahad ng kanilang napag-usapan.



Pahayag	Katotohanan o Opinyon?	Paliwanag
Si Deogracias A. Rosario ay "Ama ng Maikling Kuwento."		
Nakatulong ang maikling kuwento sa manunulat at sa Pilipino noong Panahon ng Komonwelt.		
Maaaring buhay ng manunulat ang ipinahahayag sa akdang kaniyang isinulat.		
Mayayaman ang mga manunulat.		
Hindi malaya ang mga Pilipinong manunulat noong Panahon ng		

Komonwelt.		
Nakatutulong ang pang-uri sa paglalarawan ng mga katangian ng isang lugar at mga tauhan sa akda.		

GAWAIN 2.2.b: **Kilalanin Mo**

Sa bahaging ito ay alamin natin kung gaano mo kakilala ang sumusunod na mga manunulat na Pilipino. Ibigay ang naging kontribusyon nila sa panitikang Pilipino.

DEOGRACIAS A. ROSARIO	ROGELIO R. SIKAT	SEVERINO REYES

Idikit ang larawan ng mga manunulat sa isang kartolina o *manila paper.* Maaari rin namang sa pamamagitan ng *power point presentation.* Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang naging kontribusyon sa panitikang Filipino ng mga manunulat na ito. Sa bahaging ito ay aalamin muna ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga manunulat

GAWAIN 2.2.c: **Pagtukoy sa Maaaring Nilalaman ng Akda**

Bigyan ng mga kaugnay na salita/parirala/pangungusap ang pamagat ng babasahing akda at ang maaaring nilalaman nito.

Bago ang gawaing pagbasa (o pagsasadula), ipasagot ito sa mag-aaral. Ipaskil sa pisara ang mga salitang **lupang tinubuan**. Upang maging masining ito, maaaring ilagay ang mga salitang ito na nakadikit sa mapa ng Pilipinas. Maaari ring mag-isip pa ng ibang pamamaraan. Pagkatapos ng gawaing ito ay maaari nang ipabasa (o ipadula) ang tatalakaying akda. (Ang akda ay kalakip na makikita sa mga huling pahina ng TG na ito.)



BABASAHIN 3: LUPANG TINUBUAN NI NARCISO G. REYES (Kalakip 2.1.d)

Pumili ng mga mag-aaral na magbabasa ng tatalakaying akda. Ipabasa ito sa masining na paraan. Maaari rin namang ipadula ito sa mga napiling mag-aaral. Ibigay ito bilang takdang aralin sa mga mag-aaral na napili upang makapaghanda sila.

GAWAIN 2.2.d: **Paglinang ng Talasalitaan**

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita. Pagkatapos, ibigay kung anong bahagi ng panalita ito, at gamitin sa pangungusap ang mga ibinigay na kahulugan.

Salita mula sa aralin	**Kahulugan**	**Bahagi ng Panalita**	**Pangungusap**
pinagmuni-muni			
agaw-dilim			
piping panangis			
sumasalunga			
makadurog-puso			

Isulat ang talaan sa pisara, kartolina, o *manila paper.* Tumawag ng mag-aaral na sasagot sa gawaing ito. Iminumungkahing huwag limitahan sa isang mag-aaral lamang na sasagot sa bawat salita. Tawagin ang lahat ng mag-aaral na nagnanais na ito ay sagutan. Pagkatapos ng lahat ng sasagutan ay suriin na kung wasto ba ang naging sagot ng mga mag-aaral. Hayaan munang ang kapwa kamag-aral ang magsuri sa naging sagot ng kanilang kamag-aral.

GAWAIN 2.2.e: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

Isulat ang sumusunod na mga tanong at ang iyong sagot sa iyong sagutang papel. Gayahin ang pormat ng estratehiya.

1. Ilarawan ang nayon ng Malawig. Ibig mo bang marating ang nayon na ito? Bakit?
2. Bakit lumuwas si Danding sa Malawig?
3. Ilahad ang mga kaugalian ng mga taga-Malawig. Nakikita pa ba ito sa kasalukuyan? Magbigay ng mga patunay.

Kaugalian ng mga taga-Malawig	Nakikita pa ba sa kasalukuyan? (Oo/Hindi)	Patunay na nakikita/hindi na nakikita sa kasalukuyan

4. Ang Malawig ay isang lalawigan. Ihambing ang pamumuhay rito at sa lungsod. Alin ang nais mong maging tirahan? Bakit?



Talakayin ang nilalaman ng akdang binasa sa pamamagitan ng malayang talakayan gamit ang UTS o Ugnayang Tanong-Sagot. Magpalitan ng ideya sa naunawaan nila sa akda sa tulong ng mga tanong sa gawaing ito. Maaari ring pangkatin ang mga mag-aaral sa apat. Bigyang laya ang bawat pangkat na magpalitan ng kanilang kurokuro. Gabayan ang bawat pangkat sa pagpoproseso. Magbigay ng sintesis sa naging usapan o talakayan sa klase.

5. Sa iyong palagay, nanaisin ba ni Danding na manatili na lamang sa lupang tinubuan ng kaniyang ama kaysa ang bumalik sa siyudad na kaniyang kinalakhan? Magbigay ng mga patunay sa pamamagitan ng paglalahad sa bahaging nagpapatunay nito.
6. Nanaisin mo pa bang bumalik sa iyong tinubuang lupa kung maganda na ang iyong buhay sa ibang bayan o bansa? Bakit?



7. Bilang mag-aaral, paano mo maipakikita ang iyong pagmamahal at pagmamalasakit sa sariling bayan?

1. _____
2. _____
3. _____

Ugnay-

ANG MAIKLING KUWENTO

Ang *Maikling kuwento* o maikling katha ay nililikha nang masining upang mabi-sang maikintal sa isip at damdamin ng mga mambabasa ang isang pangyayari tungkol sa buhay ng tauhan o ng lugar na pinangyarihan ng mahahalagang pangyayari. Taglay nito ang pagkakaroon ng (1) iisang kakintalan; (2) may isang pangunahing tauhang may mahalagang suliraning kailangang bigyan ng solusyon; (3) tumatalakay sa isang madulang bahagi ng buhay, (4) may mahalagang tagpuan, (5) may kawilihan hanggang sa kasukdulan na susundan ng wakas.

Isa sa mga uri ng maikling kuwento ay ang **kuwento ng katutubong kulay** – ang

Magbigay na ng input ang guro tungkol sa maikling kuwento. Maaaring nakasulat ito sa kartolina, *manila paper,* o sa pamamagitan ng *power point presentation.*

binibigyang-diin ay ang tagpuan, ang kapaligiran ng isang pook, ang pamumuhay, ang mga kaugalian at mga gawi sa lugar na binibigyang diin sa kuwento.

1. Sa iyong palagay, paano nakatulong ang maikling kuwento sa mga manunulat at sa iba pang Pilipino noong Panahon ng Komonwelt at maging sa kasalukuyan?
2. Anong uri ng maikling kuwento ang binasang aralin? Patunayan.
3. Gumawa ng balangkas ng kuwento ng katutubong kulay. Maaaring kuwento tungkol sa iyong sariling bayan o kuwento ng iyong paboritong lugar na napasyalan. Gawing gabay ang kasunod na pormat. Gawin sa papel.

Story Map



Magkaroon ng pagtalakay sa ibinigay na input ng guro. Itanong ang mga bilang 1-2 sa mga mag-aaral.

Upang makapaghanda sa isusulat nilang maikling kuwento, ipagawa nang pangkatan ang bilang 3. Ibigay ang pormat ng gagawing balangkas na nakasulat sa pisara, kartolina, o *manila paper.* Maaari ring bigyan ng *photocopy* ng balangkas ang bawat pangkat o bawat mag-aaral. Bigyan ng 10 minuto ang bawat pangkat sa pagsulat ng kanilang balangkas. Pumili ng isang mag-aaral na ilalahad ang kanilang nabuong balangkas bago simulan ang pagpapasulat ng maikling kuwento. Ang balangkas na ito ay maaaring gawing *exit card* sa mga mag-aaral.

4. Mula sa ginawang balangkas ay bumuo ng sariling maikling kuwento. I-*post* ito sa iyong *fb account* at pabigyang puna (*like* o *dislike*) ito sa mga kamag-aral o kaibigan. Kung wala namang *fb account,* pabigyang puna ito sa kanila sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (√) sa pangkat ng mga bituing napili. Pabigyang paliwanag kung bakit ito ang kanilang puna sa iyong likha.

☆ ☆ ☆ ☆	Napakahusay
☆ ☆ ☆	Mahusay
☆ ☆	May kaunting husay
☆	Nangangailangan ng malaking pagbabago

Balikan ang ginawang balangkas sa susulating maikling kuwento at ipagawa ang gawain bilang 4. Gamitin ang buong oras sa pagbuo ng maikling kuwento. Gawing gabay sa pagbigay ng panuto ang nasa bilang 4.

Ipabasa sa bawat pangkat ang nabuo nilang maikling kuwento. Kung hindi ito natapos ay ipatuloy ito bilang takdang aralin. Ibigay ang panuto sa bawat pangkat sa gagawin nila sa binuong maikling kuwento.



ANG PANG-URI

Ang ***pang-uri*** ay salitang naglalarawan tungkol sa pangngalan at panghalip. Maraming paraan upang maglarawan.

Maaaring sa pamamagitan ng paggamit ng ***kayarian ng pang-uri***. Ang mga ito ay ang *payak, maylapi, inuulit* at *tambalan**.***

1. ***Payak*** ang pang-uri kung binubuo lamang ng salitang ugat.
   Halimbawa: ganda talino, bago
2. ***Maylapi*** kung ang salitang naglalarawan ay binubuo ng salitang–ugat at panlapi.

Ibigay na takdang-aralin sa mga mag-aaral ang kayarian ng pang-uri bilang paghahanda sa talakayan.

Ibigay bilang input sa mga mag-aaral ang tungkol sa pang-uri. Maaari itong nakasulat sa kartolina, *manila paper*, o sa pamamagitan ng *power point presentation.* Hingan ng sariling halimbawa ang mga mag-aaral sa bawat kayarian bago ang mga gawaing kaugnay ng araling ito.

Halimbawa: maganda, matalino, makabago

3. ***Inuulit*** kung ang salitang naglalarawan ay inuulit ang isang bahagi nito o ang buong salitang-ugat.
   Halimbawa: kayganda-ganda, matalinong-matalino

4. ***Tambalan*** kapag ito ay binubuo ng dalawang magkaibang salitang pinagsama o pinagtambal na maaaring magkaroon ng pangalawang kahulugan.
   Halimbawa: balat-sibuyas, utak-matsing

Upang matiyak natin ang iyong pag-unawa sa pang-uri. Basahin ang teksto sa ibaba at sagutin ang kasunod na mga tanong tungkol dito.

Sa buhay, kailangang maging pusong mamon ka sa mga taong nangangailangan ng tulong. Hindi mahalaga ang kasikatan dahil sa yaman, sikat na sikat ka nga kung hindi mo naman alam ibahagi sa iyong kapwa, balewala rin. Maging matulungin at hindi dapat maging palalo, iyan dapat ang maging panuntunan sa buhay ng mga taong biniyayaan ng Panginoon ng maraming bagay. Hindi dapat tapakan ang mga taong may buhay-alamang, sa taimtim na panalangin sa Dakilang Lumikha, mababago rin ang mahirap nilang buhay. Kaysarap sa pakiramdam ang tumulong sa kapuwa. Magiging magaang-magaan ang pakiramdam kung ikaw ay magiging daan sa pagtupad sa kanilang simpleng pangarap.

Isulat ito sa pisara, kartolina o *manila paper.* Maaari ring bigyan ng sipi nito ang mga mag-aaral. Gagawin itong gabay sa susunod na gawain upang matiyak na naunawaan ng mga mag-aaral ang paksa tungkol sa gramatika o pangwika.

1. Suriin ang mga salitang may salungguhit sa binasang teksto. Itala ang mga ito sa ilalim ng angkop na kayarian ng pang-uri.

Payak	Maylapi	Inuulit	Tambalan

Ibigay ito bilang indibidwal na gawain ng mga mag-aaral. Bigyan sila ng limang (5) minuto sa pagsagot. Magkaroon na ng pagtataya sa gawaing ito upang malaman kung magkakaroon ng pag-uulit sa pagtalakay kung kinakailangan.

2. Mula sa mga larawan sa ibaba, pumili ng isa. Sumulat ng komposisyon tungkol dito na naglalarawan gamit ang iba't ibang kayarian ng pang-uri.

Bigyan ng 15 minuto ang mag-aaral upang isagawa ang gawaing ito. Ang mga larawan ay mungkahi lamang, maaaring gumamit ng iba pang larawan. Ang mga larawan ay maaaring idikit sa kartolina, *manila paper,* o sa pamamagitan ng *power point presentation.* Pumili ng mag-aaral na magbabahagi ng kaniyang isinulat.

3. Bakit gumagamit ng iba't ibang kayarian ng pang-uri ang isang kuwentista?

Sagutin ang tanong upang mataya ang iyong pag-unawa sa naging aralin.

1. Paano nakatutulong ang maikling kuwento sa manunulat at sa Pilipino noong Panahon ng Komonwelt?

Paano nakatutulong ang maikling kuwento sa manunulat at sa iba pang Pilipino noong Panahon ng Komonwelt?

_____
_____

_____
_____

_____
_____

GAWAIN 2.2.f: **Proud to be Kabarangay!**

Magkakaroon ng panauhin ang inyong lugar dahil sa nalalapit na pagdiriwang ng kapistahan. Bilang *SK Chairman* ng inyong barangay, ikaw ay naatasang i-*promote* ang inyong lugar sa inaasahang mga panauhin na punong-lalawigan, punong-bayan at iba pang politiko, mga turista at mga kabarangay sa pamamagitan ng paggawa ng

Ibigay ang mga ito bilang pangwakas na mga tanong para sa aralin. Maaaring hatiin sa apat na pangkat ang klase. Gamitin ang ***numbered heads together.*** Ang bawat miyembro ng bawat pangkat ay bigyan ng bilang. Halimbawa, may limang miyembro ang bawat pangkat, ang isa ay magiging SI BILANG 1, BILANG 2, BILANG 3, BILANG APAT at BILANG 5. Bigyan ng 10 minuto ang bawat pangkat upang pag-usapan ang kanilang opinyon sa mga tanong. Pagkatapos ng minutong ibinigay sa kanila, tatawag ang guro ng sasagot sa bawat pangkat. Maaari rin namang gumawa ang guro ng palabunutan na may mga bilang kung ilan ang miyembro. Kung ang tatawagin niya o mabubunot niyang bilang ay bilang 2, lahat ng bilang 2 sa bawat pangkat ang magbabahagi ng napag-usapan ng kanilang pangkat. Layunin ng pamamaraang ito na magbahaginan, magtulungan at maging alerto ang bawat miyembro.

Ipaliwanag ang gawaing ito sa bawat pangkat. Ang mga kakailanganing kagamitan para sa paggawa ng *advertisement poster* tulad ng kartolina, pangkulay, *pentel pen*, at ruler ay dapat na naibigay na bilang takdang aralin. Bigyan sila ng 45 minuto sa paglikha at 10 minuto sa pagpapaliwanag sa kanilang nilikha. Magsintesis sa naging gawain sa araw na ito.

advertisement poster. Ang iyong likha ay magkakaroon ng pagtataya batay sa: a.) pagiging masining; b.) pagiging malikhain; c.) husay sa pagpapaliwanag; at c.) pagiging makatotohanan.

MGA PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA NG *ADVERTISEMENT POSTER* (Kalakip 2.1.e)

Pagnilayan at Unawain

GAWAIN 2.3: **KKK (Katuwiran Ko'y kailangan)**

Sa nakaraang aralin ay natutuhan mo ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag. Isa na rito ang pangangatuwiran. Sa gawaing ito, ang husay mo sa pagbibigay ng katuwiran ay kailangan. Sagutin mo ang tanong na "malaya ba ang manunulat sa Panahon ng Komonwelt?" Sagutin ang mahalagang tanong na ito gamit ang **yes/no analysis.**



GAWAIN 2.4: **ITO NOON, GANITO NGAYON**

Gamit ang IRF (***Initial, Revised, Final***) ay ibigay ang dating kaalaman sa paksa, ang nabagong pagkaunawa sa aralin at ang kabuuan at wastong natutuhan sa araling tinalakay. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.

Sa pamamagitan ng ***solo-pair-team strategy***, pagsama-samahing muli ang magkakapangkat. Sagutin muna nang isahan ang tanong. Pagkatapos itong masagot ng mag-aaral, kumuha sila ng kapareha sa kanilang kapangkat, sila naman ang magbahaginan. Pagkatapos ng *pair sharing,* ang magkapareha ay magbabahagi naman sa kanilang kapangkat. Bigyan sila ng 10 minuto upang gawin ang bahaging ito. Pumili ng mag-aaral na magbabahagi sa kanilang napag-usapan.

Bigyan ng 10 minuto ang bawat mag-aaral sa pagsagot sa bahaging ito. Pumili ng mag-aaral na magbabahagi ng kanilang naging sagot sa gawaing ito.

Initial (Dating Kaalaman sa Paksa)	
Revised (Nabagong Pagkaunawa sa Aralin)	
Final (Kabuuan at wastong natutuhan sa aralin)	

Ilipat

GAWAIN 2.5: **KULTURA – *IN OR OUT*?**

Magkakaroon ng paligsahan sa iyong paaralan tungkol sa paglalarawan ng mga kulturang Pilipino sa Panahon ng Komonwelt na nagbago, nawala at nananatili pa sa kasalukuyan. Bilang lider ng *Mga Kabataang Historyador sa Pilipinas (KHP),* sa harap ng mga guro, kapwa mag-aaral, puno ng kagawaran, punongguro at historyador ay isasagawa mo ito sa masining na paraan tulad ng *mini-museum* o eksibit. Magkakaroon sila ng pagtataya sa iyong likha batay sa a.) presentasyon na iyong isasagawa; b.)

Ibigay na muli ang sitwasyong bibigyang-buhay ng bawat pangkat. Maaari itong nakasulat sa pisara, kartolina, o *manila paper.* Pagkatapos ng pagtatanghal ay hingan ng *feedback* ang mga mag-aaral sa naging presentasyon ng bawat pangkat. Magbigay rin ng sariling *feedback* sa bawat pangkat. Itanong sa mag-aaral: "*Nakatulong ba ang pagganap na gawain upang maunawaan mo ang halaga ng aralin sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay?"*

makatotohanan; c.) batay sa pananaliksik; at d.) pagkamalikhain.

MGA PAMANTAYAN SA PAGTATAYA SA *MINI-MUSEUM* O EKSIBIT (Kalakip 2.1.f)

PANGWAKAS NA PAGTATAYA:

Bilang pangwakas na gawain, ipasagot ang gawaing ito bilang indibidwal na gawain. Tumawag ng mag-aaral na magbabahagi sa kanilang naging sagot.

SUMMARY-LESSON CLOSURE

Sa pamamagitan ng *lesson closure* ay bumuo ng konsepto sa naging aralin.

LESSON CLOSURE

Ang aralin sa modyul na ito ay _____. Ang mahalagang ideya tungkol sa sanaysay ay _____ _____.

Mahalagang maunawaan ang ideya o konseptong ito sapagkat _____. Isa pang mahalagang konsepto sa aralin ay ang tungkol sa Maikling kuwento kung saan naunawaan ko na _____ _____.

Mahalaga ito dahil _____. Magagamit koi to sa pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng _____.

Sa kabuuan, ang aralin ay _____ _____.

ARALIN 2.3: ANG PANITIKAN SA PANAHON NG KASARINLAN	Gabay sa Pagtuturo (TG)
II. Panimula at Mga Pokus na Tanong: *Kumusta na? Labis akong natutuwa na sa dalawang panahon na iyong pinagdaanan ay marami kang napulot na kaalaman. Malaki ang magagawang tulong sa iyo sa pagpasok mo sa bagong panahon na ito, ang Panahon ng Kasarinlan. Sa araling ito ay aalamin mo ang naiambag ng akdang pampanitikan na sumibol at napatanyag sa Panahon ng Kasarinlan.* *Sa iyong palagay, nakatulong ba ang panitikan sa paglalahad ng damdamin, katuwiran, opinyon o saloobin ng mga manunulat upang matamo ang damdaming makabayan sa nasabing panahon? Masasabi mo ba na ang panitikan ay naging salamin ng kultura ng isang bansa? Gayundin, mahalaga bang matutuhan mo ang paggamit ng angkop na gramatika? Mahalaga ba na magkaroon ka ng kaalaman at kakayahan tungkol dito? Malalaman mo ang sagot sa mahahalagang tanong na ito sa pagpapatuloy mo ng iyong pag-aaral.* *Upang mapatunayan na naunawaan mo ang nilalaman ng araling ito, sa pagtatapos ng iyong pag-aaral, inaasahan na makabubuo ka ng isang **photo documentary** na naglalarawan ng kultura at kalagayang panlipunan ng mga Pilipino sa panahong ito na nawala,nabago na at nananatili pa hanggang sa kasalukuyan. Narito ang mga pamantayan kung paano tatayain ang gawaing ito: a) orihinal, b) may kaugnayan sa paksa/napapanahon ang paksa, c)malikhain ang presentasyon, d) wasto ang paggamit ng gramatika/retorika.* *Malalaman mo sa araling ito ang iba pang akdang pampanitikang napatanyag sa panahong ito partikular ang Maikling kuwento at Dula. Gayundin ang mga araling panggramatika tulad **Aspekto ng Pandiwa** at **Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at***	Narito ang magiging kabuuang batayan ng talakayan para sa araling ito. Bilang isang mahusay na guro, batid ko ang iyong pananabik at pagnanais na pasimulan na ang aralin. Narito rin ang ilan sa mga mungkahing Gawain. Inaasahan kong ito ay iyong pagyayamanin at iaangkop sa pangangailangan ng iyong mag-aaral.

Pagsalungat.

III. Ang Mga Aralin at Ang Saklaw ng mga Ito

Masasagot mo ang mahahalagang tanong at maisasagawa mo ang Inaasahang Produkto/Pagganap kung uunawain mo ang sumusunod na nakapaloob sa araling ito:

ARALIN 2.3: ANG PANITIKAN SA PANAHON NG KASARINLAN

Aralin 2.3.1 a. Panitikan: Maikling Kuwento

"Paglalayag sa Puso ng Isang Bata" ni Genoveva Edroza-Matute

b. Wika: Aspekto ng Pandiwa

Aralin 2.3.2. a. Panitikan: Dula

"Sinag sa Karimlan" ni Dionisio Salazar

b. Wika: Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagsalungat

. MGA INAASAHANG KASANAYAN

Aralin 2.3	**Mga Kasanayang Pampagkatuto** <u>Pag-unawa sa Napakinggan</u> Nabibigyang kahulugan ang mga makabuluhang salita/matatalinghagang pahayag na ginamit sa akdang napakinggan Nakikinig nang may pag-unawa upang: • mailahad ang layunin ng napakinggan • masagot ang mga tiyak na tanong • maipaliwanag ang pagkakaugnay-ugnay na mga pangyayari Nakapaglalahad ng sariling pananaw sa pagiging makatotohanan/di-makatotohanan ng mga punto/argumentong binibigyang-diin o halaga ng napakinggan batay sa paraan ng pagsasalita (tono, diin, paghinto, intonasyon) <u>Pagsasalita</u>

Narito ang mga inaasahang kasanayan ng bawat isang mag-aaral na malilinang sa pamamagitan ng pag-aaral ng modyul na ito.

		Naipapahayag nang maayos ang matinding reaksiyon sa mga bagay na ‘di nagugustuhan (may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kausap) Nakapagsasagawa ng interbyu/panayam Nakapagsasagawa ng sarbey batay sa kulturang Pilipino gamit ang panitikan Nakapaglalahad ng pamamaraan sa pagsasagawa ng simposyum tungkol sa kahalagahan ng kulturang sariling atin Nakabubuo ng pansariling opinyon batay sa mga ideya,kaisipang inilahad ng teksto Nakapaglalahad ng sariling pananaw kung paano mapananatili ang kulturang Pilipino sa tulong ng panitikan <u>Pag-unawa sa Binasa</u> Nasusuri ang iba’t ibang akdang pampanitikan batay sa mga katangian nito Naipahahayag ang mga makabuluhang kaisipang nais ipabatid ng may-akda Naipaliliwanag ang mga elemento ng akda • dula • maikling kuwento Natutukoy ang iba’t ibang tunggaliang naganap sa akda Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa akdang binasa buhat sa simula, tunggalian, kasukdulan, kakalasan at wakas Nakagagawa ng mga gawaing magpapatunay sa mapanuring pagbasa ng akda/teksto Nakabubuo ng sintesis ng mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa teksto		

		Napayayaman ang karanasan ng mag-aaral sa tulong ng mga akdang pampanitikan upang mapaunlad at mapalawak ang kakayahan at pananaw sa buhay Naipaliliwanag kung paanong ang mga elemento ng akda/teksto ay nakatulong upang maipahatid ang layunin ng may-akda Napahahalagahan ang kulturang Pilipino na masasalamin sa mga akdang pampanitikan Nakapagbibigay-hinuha sa • pangyayari • kaalaman • pakay o motibo • layunin ng may-akda Naihahambing ang kalagayan ng panitikan at epekto nito sa kulturang Pilipino noon at ngayon Nasusuri sa teksto ang mga aspekto ng pandiwa Naisasaayos ang mga pangyayari sa Maikling kwento/Dula ayon sa wastong pagkakasunod-sunod Nasusuri ang bahagi ng maikling kuwento/dula/sanaysay Nakikilala ang iba't ibang bahagi at elemento ng Maikling kwento/Dula Napaghahambing ang elemento ng Maikling kuwento sa Dula Nasusuri ang kulturang taglay ng panitikan kung ito'y nanatili, nabago o nawala na <u>Pagsulat</u> -Nailalahad ang sariling kuro-kuro sa mga detalye, kaisipan, at opinyong nakapaloob sa teksto kung: • totoo o hindi totoo		

		• may pagbabatayan o kathang-isip lamang • mabuti o masama • katotohanan o opinyon Nakapaglalahad ng sariling pananaw batay sa nilalaman ng akdang binasa kung ito'y makatotohanan o di-makatotohanan gamit ang *graphic organizer* Nakasusulat ng Maikling kuwento batay sa kultura ng lugar na pinagmulan Nakasusulat ng talatang • naglalarawan • naglalahad • nagsasalaysay • nangangatuwiran Nakapag-uugnay ng mga kaisipan mula sa binasang akda hango sa sariling karanasan • nasaksihan • napakinggan/napanood/nabasa <u>Tatas</u> Naipamamalas ang natamong mga kaalaman at kakayahan sa paglinang ng pangangailangang pangkomunikatibo. Naipamamalas ang makahulugan at masining na pagpapahayag para sa mabisang pakikipagkomunikasyon. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pakikipagkomunikasyon. Nagagamit ang pormal at impormal na Filipino sa komunikasyon ayon sa sitwasyon, pangangailangan at pagkakataon. <u>Estratehiya sa Pag-aaral</u> Nagagamit ang angkop na estratehiya sa pag-aaral.		

	<u>Pananaliksik</u> Nalilikom ang kakailanganing mga impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunang sanggunian Nailalahad nang maayos at mabisa ang nalikom na mga impormasyon sa pananaliksik Nagagamit ang diksyunaryo at iba pang mga kagamitang sanggunian sa aklatan/*internet.*

V. KONSEPTUWAL NA BALANGKAS (Kalakip #2.3.a)

VI. PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin kung gaano na ang alam mo tungkol sa araling ito. Hanapin at isulat sa iyong notbuk ang sa iyong palagay ay tamang sagot sa bawat tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang maikling pagsusulit na ito, malalaman mo ang iyong iskor. Alalahanin mo ang mga aytem na mali ang iyong sagot at hanapin mo ang tamang sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Unang Bahagi
Panuto: Ibigay ang hinihingi ng diyagram tungkol sa dula. (para sa bilang 1-5). Gawin sa sagutang papel.



Ikalawang Bahagi
Panuto: Basahin at unawain ang isang bahagi ng maikling kuwento. Sagutan ang mga

Sa panimulang pagtataya sa bawat aralin, susukatin ng guro kung hanggang saan na ang kaalaman ng mag-aaral kaugnay ng paksang tatalakayin.

Inaasahang marami sa mag-aaral ang may sapat nang kaalaman at kakikitaan ng sigla upang alamin pa ang susunod na mga paksa.

Kung may ilan na hindi ganap ang kahandaan at kaalaman, iminumungkahing maging malikhain ang guro upang maipakilala sa mag-aaral ang mga kakailanganin upang lubos na maunawaan ng mag-aaral ang mga talakayan. Iayon ito sa kanilang pangangailangan.

Susing Sagot:
*Unang Bahagi (1-5)
Dula -akdang sa pamamagitan ng kilos at galaw sa tanghalan na naglalarawan ng isang kawil ng mga pangyayaring naghahayag ng kapana-panabik na bahagi ng buhay ng tao.
-layunin nitong manlibang, magbigay ng aral, magpukaw ng damdamin at humingi ng pagbabago.

tanong na kasunod nito.

Nagkatuwaan ang mga bata sa pagtatampisaw sa baha. Ito ang pinakahihintay nilang araw mula nang magkasunud-sunod ang pag-ulan. Alam nilang kapag iyo'y magpatuloy sa loob ng tatlong araw, ang lansangang patungo sa laruan ay lulubog. At ngayon ay ikalimang araw nang walang tigil ang pag-ulan.

Ilang maliit na bata ang nagpapalutang ng mga bangkang papel, nariyang tinatangay ng tubig, naroong sinasalpok at inilulubog, nariyang winawasak. Sa tuwing ako ay makakakita ng bangkang papel ay nagbabalik sa aking gunita ang isang batang lalaki. Isang batang lalaking gumawa ng tatlong malalaking bangkang papel na hindi niya napalutang sa tubig kailanlan.

Sa karimla'y pinalaki niya ang dalawang mata, wala siyang, makitang ano man maliban sa isang makitid na silahis.

Dali-dali siyang nagbangon at pakapa-kapang sumiksik sa pagitan ng kapatid at ng kanyang kausap. Idinaan niya ang kanyang kamay sa pagitan ng baywang at bisig ng ina. Naramdaman niya ang bahagyang pag-angat ng kaliwang bisig niyon. Ang kanang kamay noo'y ipinatong sa kanyang ulo at pabulong na nagsalita "Siya matulog ka na."

Ang mukha ng kanyang ina ay nakita ng batang higit na pumuti, kaysa rati. Ngunit ang mga mata noo'y hindi pumipikit, nakatingin sa wala.

Kaya nga ba't sa tuwi akong makakita ng bangkang papel ay nagbabalik sa aking gunita ang isang batang lalaki. Isang batang lalaking gumagawa ng tatlong malalaking bangkang papel na hindi niya napalutang kailanman.

-Halaw sa "Bangkang Papel" ni Genoveva Edroza Matute

Ikalawang Bahagi

1. D.
2. D
3. B
4. A
5. A

6. Ang katangian ng batang lalaki sa akda ay _____.

A. mapagmahal

B. palaasa

C. mayabang

D. mapangarapin

7. Sa karimla'y pinalaki niya ang dalawang mata, wala siyang makitang ano man maliban sa isang makitid na silahis. Ang damdaming inilalarawan ay _____.

A. pagkatakot

B. pagkagitla

C. paghanga

D. pagtataka

8. Batay sa akda, ang bangkang papel ay sumasagisag sa _____.

A. pag-asa

B. pangarap

C. pag-unlad

D. paghahangad

9. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong binasa ay tinatawag na _____.

A. banghay

B. tema

C. pananaw

D. damdamin

10. Nagsimula ang akda sa pamamagitan ng _____.

A. kilos at galaw ng tauhan

B. tagpuan at banghay

C. tagpuan at kapaligiran

VII. YUGTO NG PAGKATUTO

Alamin

Malaki ang papel na ginampanan ng panitikan sa buhay ng mga Pilipino sa iba't ibang panahon. Naranasan nila na maipahayag ang sariling damdamin at saloobin sa pamamagitan ng mga pasalita at pasulat na akda na nagbukas sa isang diwang makabansa.

Simulan na natin ang pag-aaral nang sa ganoo'y, malaman mo kung nakatulong ba ang panitikan sa paglalahad ng damdamin, katuwiran, opinyon o saloobin ng mga manunulat upang matamo ang damdaming makabayan sa Panahon ng Kasarinlan? Bakit mahalagang pag-aralan ang panitikan sa panahong ito? Umaasa ako na ang mga gawain at pagsasanay sa bahaging ito ay makatutulong upang masagot ang mga tanong na ito.

Gawin mo ring gabay ang pamantayang pangnilalaman kung saan maipamamalas mo bilang mag-aaral ang pag-unawa sa ilang akdang pampanitikan partikular na ang ***Maikling kuwento*** *at D****ula*** *na napatanyag at umusbong noong Panahon ng Kasarinlan. Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan kong makapagsasagawa/makabubuo ka ng photo documentary na naglalarawan ng kultura at kalagayang panlipunan ng mga Pilipino sa Panahon ng Kasarinlan.*

Ngayon, simulan mo na ang pag-aaral sa araling ito sa tulong ng ***Timeline****, ikaw ay magbabalik-tanaw sa mga manunulat at akdang pampanitikan na umusbong sa Panahon ng Amerikano, Komonwelt hanggang sa Panahon ng Kasarinlan. Sa pamamagitan nito, tiyak kong maalala mo ang mga akdang iyong napag-aralan sa nagdaang panahon.*

GAWAIN 2.1: **Timeline…Noon at Ngayon**

Kilalanin mo at piliin sa hanay A ang mga manunulat at hanay B naman ang kanilang akda na isinulat at ilagay ito sa angkop na panahon na hinihingi sa **timeline**. Gawin sa sagutang papel.

Alamin

Ilahad ang mga panitikang bibigyang pansin sa aralin na ito – ang maikling kuwento at dula sa Panahon ng Kasarinlan. Nauna nang naibigay at naipasagot ang mahahalagang tanong kaya't sa bahaging ito ay maaari sabihin ang inaasahang isasagawa nila pagkatapos ng aralin. Ilahad na rin sa mga mag-aaral ang pamantayan sa pagmamarka ng inaasahang produkto. Sangguniin sa huling bahagi ng aralin ang rubriks.

Hikayatin mo ang iyong mga mag-aaral na ibahagi sa buong klase ang mga bagay na kanila ng nalalaman kaugnay ng maikling kuwento at dula. Maaari mo itong gawing interaktibong talakayan. Hatiin ang mga mag-aaral sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng limang (5) minuto upang magtalakayan at magpalitan ng kaalaman. Himukin silang isulat ang kanilang sagot sa mga strips ng cartolina. Matapos nito, ipadikit sa pisara ang mga cartolina strips ng bawat pangkat. Ang unang pangkat na makapagdikit ng lahat ng kanilang *cartolina strips* ang unang magtatalakay ng kanilang mga sagot.



Sa pasimula ng gawain sa modyul, maaaring ibigay sa mga mag-aaral ang gawaing ito sa pamamagitan ng isang laro o game. Isulat sa kartolina o manila paper ang *TIMELINE Organizer* samantalang nasa powerpoint presentation ang larawan gayundin ang akdang isinulat na nasa kagamitang pangmag-aaral (LM). Bigyan ng limang minuto ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng nasabing gawain.

Hanay A



Hanay B

- Ang Pagpupulis – Ang Trapiko ay Isang Sining
- Paglalayag sa Puso ng Isang Bata
- Ako ang Daigdig
- Isang Dipang Langit
- Lupang Tinubuan
- Wikang Pambansa
- Si Nemo, Ang Batang Papel
- Titser
- Ako'y Isang Tinig

Matapos mong makilala at maihanay nang wasto sa angkop na panahon ang nasa bawat hanay sa Timeline, nais kong bigyan mo ng hinuha ang mahahalagang tanong sa aralin sa tulong ng ***KWHL Sheet***. Sagutin mo muna ang tatlong naunang kolum, ang KWH.

Pagkatapos nating pag-aralan ang modyul na ito ay saka mo sagutin ang huling kolum, ang L.

GAWAIN 2.2: **TSART-KWHL**

Nakatulong ba ang panitikan sa paglalahad ng damdamin, katuwiran, opinion o saloobin ng mga manunulat upang matamo ang damdaming makabayan sa Panahon ng Kasarinlan?

K	***W***	***H***	***L***
Ano ang alam mo na? (What do you know?)	Ano ang nais mong malaman? (*What do you want to find out)*	Paano mo makikita ang nais mong maunawaan? *(How can you find out what you want to learn?)*	Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan? *(What did you learn?)*

Inaasahan ko na masasagot mo nang tama ang tanong na ito. Kung hindi pa, huwag kang mag-alala sapagkat gaya nga ng ipinahayag ko sa layunin ng araling ito na sa iyong pagsisikap at pagtitiyaga ay mahahanap mo ang tamang kasagutan. Maaari ka ng magsimula sa pag-alam sa mga impormasyon kaugnay ng akdang pampanitikan.

Paunlarin

Ang bahaging ito ay makatutulong sa iyo upang maunawaan mo ang mahahalagang kaisipan/konsepto na saklaw ng aralin. Huwag kang mag-alala sa tulong ng iyong pagsisikap at pagtitiyaga, mahahanap mo ang tamang kasagutan. Ngayon ay maaari

Sa pamamagitan ng *KWHL Sheet* na magsisilbing pangkatang gawain, bigyan ang mag-aaral ng dalawampung (20) minuto upang isagawa ito. Gamit ang nasabing istratehiya, isusulat nila ang kasagutan sa manila paper at ipapaskil sa pisara. Magtalaga ng lider sa bawat pangkat na maglalahad/magtatalakay ng kanilang naging sagot sa harap ng klase. Maaaring magbigay ang guro ng *feedback* sa naging kasagutan ng bawat pangkat.

Ipakilala sa mga mag-aaral ang unang tatalakayin sa aralin – ang maikling kuwento na obra ni Genoveva Edroza-Matute at ang tungkol sa wastong gamit ng aspekto ng pandiwa.

kang magsimula na sa pag-alam sa mga impormasyon kaugnay ng akdang pampanitikan. Magsimula tayo sa ***Maikling kuwento (Aralin 2.3.1)***

Ang Maikling kuwento o maikling katha gaya ng karaniwang taguri dito ay sangay ng salaysay (*narration*). May sariling mga katangian ito na ikinaiiba sa ibang akdang pampanitikan. Kabilang sa mga katangiang ito ay ang pagkakaroon ng iisang kakintalan, may isang pangunahing tauhang may mahalagang suliraning kailangang lutasin, tumatalakay sa isang madulang bahagi ng buhay at iba pa. Mahalaga ring masagot mo ang sumusunod na pantulong o prosesong tanong upang makatulong sa iyo sa pagsagot sa mahalagang tanong ng aralin.

Mga Gabay na Tanong

1. Paano naiiba ang maikling kuwento sa iba pang akdang pampanitikan?
2. Ano ang karaniwang tema o paksang ginamit ng mga manunulat sa panahong ito?
3. Paano nakatutulong ang pagkakaroon ng kaalaman at kakayahan sa paggamit ng angkop na aspekto ng pandiwa sa pag-aaral ng maikling kuwento?

Simulan mo na ang mga gawain. Unahin mo munang tuklasin kung ano ang iyong nalalaman sa ating paksa.

GAWAIN 2.3.1. a: **TUKLAS-INFO**

Batay sa iyong nalalaman, subukin mong isulat ang hinihingi sa dayagram kaugnay ng araling iyong pag-aaralan. Huwag kang mag-aalala, ito'y pag-alam lamang kung gaano na ang iyong kaalaman tungkol sa pag-aaralan natin.

Ipasagot ang mga Gabay na Tanong upang malaman kung ano ang dating alam ng mag-aaral sa aralin at gabay ng guro kung paano niya matutulungan ang mag-aaral na ganap na maunawaan ang aralin. Ang mga gabay na tanong ay maaaring isulat sa pisara, kartolina, o *manila paper*. Ipapaskil sa pisara o kaya'y maglaan ang guro ng isang *display area* kung saan dito ipapaskil ang kanilang mga naging sagot. Hayaang nakapaskil ito hanggang sa matapos ang aralin upang maihambing nila ang kanilang unang naging sagot sa wastong sagot na makikita sa pagpapatuloy ng aralin.

Sa nakasulat na konsepto sa pisara, kartolina o manila paper, ipagawa sa mag-aaral ang gawaing ito. Ipasulat sa kanilang kuwaderno ang sagot. Bigyan ng 5 minuto ang bawat mag-aaral at pagkatapos ay pumili ng ilan sa kanila na magbahagi ng kanilang naging konsepto o sagot.

Upang ganap na maunawaan ang aralin, kilalanin mo muna ang isa sa natatanging manunulat sa panahong ito. Kilala mo ba si Aling Bebang o si Genoveva Edroza-Matute? Magbigay ng ilang impormasyon patungkol sa kanya gamit ang sumusunod na graphic organizer.

Kapanganakan:

Pamilya:

Mga Katangian:

Mga Tagumpay sa Buhay:

Basahin at unawain

Babasahin 1: **PAGLALAYAG SA PUSO NG ISANG BATA** (Kalakip #2.3.1.b)

GAWAIN 2.3.1.b: **Paglinang ng Talasalitaan**

Sa pamamagitan ng ***Clustering*****,** ibigay ang mga hinihinging konsepto o kaisipan na may kaugnayan sa pahayag na SA PUSO NG ISANG BATA. Gawin sa sagutang papel.

Pangkatin sa apat ang klase. Bigyan ng 20 minuto ang bawat pangkat sa pagpapalitan ng opinyon sa gawain at kung paano nila ito ibabahagi sa klase. Maaaring ipagawa ang sumusunod na pamamaraan: (Ang mga pamamaraang ito ay mungkahi lamang, maaaring gumamit o madagdag pa ng iba pamamaraan ang guro.)

a. *Impersonation*

b. *Talk Show*

c. *Role Playing*

d. *One-on-One Interview*

Magdagdag ng iba pang impormasyon tungkol kay Genoveva Edroza-Matute (maaaring gumamit ng video presentation)

Ibigay ito bilang input ng guro

Genoveva Edroza-Matute

Si Aling Bebang, ayon sa talambuhay na sinulat ni Gregorio C. Borlaza, ay bunso sa labindalawang magkakapatid, at supling nina Anastacio B. Edrosa at Maria Magdalena K. Dizon. Siyam ang namatay sa kaniyang mga kapatid, at karamihan ay wala pang isang taon ang itinagal sanhi ng pagkakasakit. Lumaki siya sa Tayuman-Oroquieta, malapit sa karerahan ng kabayo sa San Lazaro.

AWAIN 2.3.1.c: **Sa Antas ng Iyong pag-unawa**

Upang ganap na mataya ang iyong pag-unawa sa i binasa, sagutin mo ang sumusunod na mga tanong/gawain. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Suriin mo ang mga tauhan batay sa kilos, damdamin at pananalita sa pamamagitan ng *character mapping***.** Gawin sa papel. Gayahin ang pormat





2. Bakit nais ng guro na mapalapit sa bata?

3. Patunayan na ang guro sa akda'y naturuan ng bata sa kaniyang buhay?

4. Kung ikaw ang bata, babalikan at magpapaalam ka pa ba sa iyong guro kapag ikaw ay napagalitan niya? Pangatuwiranan. Isulat sa papel.

5.Sa iyong palagay, ano kaya ang gagawin ng guro pagkatapos ng ipinakita sa kaniya ng mag-aaral kahit na napagalitan siya? Sumulat ng diyalogo bilang sagot. Gawin sa papel.

5. Anong dam damin ang namayani sa guro ng nasabi niya sa kanyang sarili ang pahayag na ito? "*Nalimutan ko ang kanyang pag-iisa, ang kaniyang kalumbayan, ang mabagal na paraan ng pag-akit at pagtiyak sa kanyang siya'y mahalaga at minamahal."*

Hindi naglaon ay nakitira siya sa kaniyang ale—na kapatid ng kaniyang ama—doon sa Felix Huertas, Maynila hanggang makatapos ng elementarya. Nag-aral siya sa Santa Clara Primary School (na magiging Gomez Elementary School) at Magdalena Elementary School, pagkaraan ay sa Manila North High School (na Arellano High School ngayon), nagkolehiyo sa Philippine Normal School (na Philippine Normal University ngayon), hanggang matapos ang masterado sa Filipino at doktorado sa edukasyon sa Unibersidad ng Santo Tomas.

Sa pagpapabasa ng akda, gumamit ng ibat' ibang istratehiya sa pagpapabasa tulad ng isahan, dalawahan, dugtungan, o pangkatang pagbasa. Basahin ng may pag-unawa at may kaukulang damdamin.

Pagkatapos maipabasa ang akda, ipasagot sa mag-aaral ang paglinang ng talasalitaan na maaaring nakasulat sa pisara, sa kartolina o sa *manila paper.* Maaari itong gawing paligsahan sa bawat pangkat. Paramihan sila ng maisasagot at paggamit ng mga ito sa pangungusap. Ipagawa ito sa loob ng limang minuto. Ang pinakamaraming angkop na sagot ang magwawagi.

6. *Nagtungo siya sa pintuan at ang kaniyang mga yabag ay mabibigat na tila sa isang matandang pagod. Sa loob ng maraming buwan, ngayon lamang siya hindi lumingon upang magsabi ng, "Goodbye, Teacher." Lumabas siya nang tahimik at ang kaniyang mabibigat na yabag ay lumayo nang lumayo.* Ano ang mensaheng nais iparating nito sa guro at mag-aaral? Isulat ang sagot sa papel.

7. Punan ang mga kahon ng mga mensahe ng kuwento. Gawin sa papel.



9. Ano ang tema o paksa ng nasabing akda? Patunayan.

10. Sa iyong palagay, may kaugnayan ba ang paksa o tema ng nasabing akda sa buhay ng may-akda ng kuwento?

11. Mula sa simula hanggang sa wakas ng kuwento, anong pamamaraan ang ginamit ng may-akda?

Pagpapahiwatig ang isang matingkad na katangian ng mga kuwento ni **Genoveva Edroza Matute**. Karaniwang nagtutuon siya sa isa o dalawang tauhan, at sa mga tauhang ito ay lalaruin niya ang banghay at gusot ng kuwento. Ang pingas o puntos ng tauhan ay maaaring nasa kapasiyahan nito, at hindi dahil sa taglay na personal at panlabas na anyo. Sa mga matagumpay niyang kuwento, ang mga tauhan ay pumupukol ng mabibilis na salitaan, o nagsasalita sa guniguni, at ang mga kataga ay waring makapaglalagos sa kalooban ng mambabasa. Sumasabay din ang mga kuwento

Upang masuri ang pag-unawa ng mag-aaral sa nilalaman ng aralin, ipasagot ang gawain/tanong bilang 1-11. Itanong sa mga mag-aaral ang mga tanong bilang 1-5. Maaari pang dagdagan ang mga tanong na lilinang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.

ni Aling Bebang, palayaw ni Matute, sa mga kasalukuyang pangyayari na kung minsan ay nakalulugod at kung minsan ay nakaiinis, at kung ano man ang epekto nito sa mambabasa'y mauugat sa lalim ng pagkaunawa ng manunulat sa kaniyang pinapaksa.

Ang mga tauhan ang gumagalaw sa akda- **protagonista** na tinatawag na bida at **antagonista** na nagpapahirap o nagpapasalimuot sa buhay ng bida.

Ang **tauhang lapad** (*flat character*) ay hindi nagbabago ang pag-uugali kung ano ang gawi, kilos at katangian niya sa simula ng akda hanggang katapusan; habang ang **tauhang bilog** (*round character*) naman ay nagbabago mula sa pagiging salbahe ay nagiging mabait; kung api sa simula, sa pagwawakas ay natuto nang lumaban.

Ang binibigyang-diin sa kuwento ng tauhan ay ang pangunahing tauhan o mga tauhang gumagalaw sa kuwento. Ipinakikilala ang kanilang pag-uugali, pagkilos, pananalita at iba pang katangian sa pamamagitan ng tahasan o tuwirang paglalarawan o kaya'y pagpapahiwatig sa pamamagitan ng usapan ng mga tauhan at sa ikinikilos ng mga iyon.

GAWAIN 2.3.1.d: **Pananaw mo, Pananaw ko, at Pananaw ng Lahat**

Ibigay ang kahulugan ng maikling kuwento ayon sa iyong sariling pananaw, pananaw ng ibang tao (kapwa kamag-aral, kaibigan) at pananaw ng eksperto (maaaring kapanayamin nila). Gawin sa papel.

Hahatiin ng guro ang mag-aaral sa apat (4) na pangkat. Pabunutin sila ng isa sa mga sobre na naglalaman ng gawain na nasa LM. Bigyan ang bawat pangkat ng kartolina at pentel pen. Bigyan ng 20 minuto ang mag-aaral sa pagsagot at pagpapalitan ng opinyon,ideya sa gawain. Papiliin sila ng lider na magbabahagi sa klase ng kanilang napag-usapan.

Sa pananaw ng mga eksperto...



GAWAIN 2.3.1.e: **Pagkakaiba-Pagkakatulad**

Paano naiiba ang Maikling kuwento sa ibang akdang pampanitikan? Isulat sa papel ang sagot. Gayahin ang pormat.

Ipaliwanag sa mag-aaral ang gawaing Pagkakaiba-Pagkakatulad. Maaaring gumamit ng iba pang estratehiya sa paghahambing tulad ng *venn diagram*. Indibidwal itong ipagawa sa mag-aaral. Sa gawaing ito ay magkakaroon ng pagtataya sa kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa maikling kuwento at sa iba pang akdang pampanitikan.

MAIKLING KUWENTO

Iba pang Akdang Pampanitikan

PAGKAKAIBA		**PAGKAKATULAD**
	sa Tema	
	sa Paksa	
	sa Layunin	
	sa Pamamaraan	

Kung susuriin mo, sa pagdaan ng mga panahon (mula sa Panahon ng Amerikano, Panahon ng Komonwelt hanggang Panahon ng Kasarinlan) ang Maikling kuwento ay naging behikulo ng mga manunulat para maipahayag ang kanilang saloobin, damdamin, katuwiran o opinyon. Nagkakaiba lamang sila sa tema, paksa, layunin at pamamaraan kung paano ito nilikha ng isang manunulat na nakabatay kung minsan sa kanilang naging karanasan o totoong buhay

.

Babasahin 2: **ANG AKING INSPIRASYON** (Kalakip #2.3.1.c)

Isulat sa manila paper o kartolina (o kaya'y nasa powerpoint presentation) ang kuwento. Ipabasa ito sa piling mag-aaral (maaari itong gawing dugtungang pagbasa).

Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa ipinabasang kuwento sa tulong ng mga gabay na tanong. Maaaring isulat sa pisara, kartolina o *manila paper* ang mga gabay na tanong at talakayin ito sa paraang Q.A.R. (Question and Answer Response).

Mga Gabay na Tanong:

1. Sino ang nagsasalaysay sa kuwento?
2. Anong uri ng maikling kuwento ang iyong binasa? Patunayan.
3. Aling bahagi sa akdang ito ang masasabi mong may pagkakatulad/ pagkakaiba sa kuwentong nauna mo ng nabasa? Pangatuwiranan.

4. Pansinin ang salitang may salungguhit sa kuwento. Anong bahagi ito ng panalita? Ano ang diwang inihahatid nito?

Sabihin sa mag-aaral na malalaman kung wasto ang naging sagot nila sa katatapos na gawain sa pamamagitan ng pagtalakay tungkol sa aspekto ng pandiwa

Ang **aspekto ng pandiwa** na nagsasaad kung naganap na o hindi pa nagaganap ang kilos, at kung nasimulan na at kung natapos nang ganapin o ipinagpapatuloy pa ang pagganap. May apat na aspekto ang pandiwa: **aspektong perpektibo** kung ito ay nagsasaad o nagpapahayag na ang kilos na nasimulan na at natapos na, **aspektong imperpektibo** kung nagpapahayag ng kilos na nasimulan na ngunit di pa natatapos at kasalukuyan pang ipinagpapatuloy, **aspektong kontemplatibo** ay naglalarawan ng kilos na hindi pa nasisimulan at **aspektong perpektibong katatapos** kung saan nagsasaad ito ng kilos na katatapos lamang bago nagsimula o naganap ang kilos.

Magbigay na ng input tungkol sa aspekto ng pandiwa. Upang higit pang maunawaan ng mag- aaral, magbigay pa ng halimbawa. Hingan din sila ng sarili nilang halimbawa bago ipagawa ang susunod na gawain.

GAWAIN 2.3.1.f: **Aspekto-Tsart**

Balikan muli ang kuwento. Isulat ang mga salitang may salungguhit sa tamang talahanayan nang ayon sa aspekto nito.

Sa nakasulat na gawain sa pisara o manila paper o kartolina, isagawa ito ng indibidwal. Maaari nilang isulat ang kasagutan sa kanilang kuwaderno.

ASPEKTO NG PANDIWA			
Aspektong Perpektibo	***Aspektong Perpektibong Katatapos***	***Aspektong Imperpektibo***	***Aspektong Kontemplatibo***

Ibigay ang panuto ng gawain, ibigay ang pamantayan sa mga mag-aaral sa pagsulat upang malaman nila kung paanong tatayain ang kanilang ginawa. Pagpartnerin ang mga mag-aaral ,sa pamamaraang ito ay hayaang ang magkapareha ang magbigay at tumanggap ng puna sa kanilang ginawa batay sa mga pamantayang dapat isaalang-alang. Pumili ng magkapareha na magbabahagi ng ibinigay at natanggap nilang puna. Magbigay rin ng puna ang guro kung kinakailangan.

GAWAIN 2.3.1.g: **Salaysayin ng Buhay**

Magsalaysay ng ilang pangyayari sa iyong buhay noon na sa iyong palagay ay nangyayari pa rin sa ngayon. Isaalang-alang ang simula, gitna at wakas ng pagsasalaysay. Gamitin at salungguhitan ang mga aspekto ng pandiwa sa gagawing pagsasalaysay.

GAWAIN 2.2: **TSART-KWHL**

Nakatulong ba ang panitikan sa paglalahad ng damdamin, katuwiran, opinyon o saloobin ng mga manunulat upang matamo ang damdaming makabayan sa Panahon ng Kasarinlan?

K	***W***	***H***	***L***
Ano ang alam mo na? (What do you know?)	Ano ang nais mong malaman? (*What do you want to find out)*	Paano mo makikita ang nais mong maunawaan? *(How can you find out what you want to learn?)*	Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan? *(What did you learn?)*

Sa tsart na ito ay nauna nang ipinagawa sa mga mag-aaral ang KWH kolum sa bahaging **Alamin**. Sa pagkakataong ito ay papunan na ang L kolum. Punan ang kolum na ito.

GAWAIN 2.3.1.h: **Dugtungang Pahayag**

Itala mo ang kabuuang konseptong natutuhan sa aralin sa pamamagitan ng pagdurugtong sa pahayag na nasa kahon.

Nalaman ko na ang **. . . .**

Naliwanagan ako dahil sa…

Sa nakasulat sa manila paper o kartolina, ipagawa ng indibidwal ang nasa bahaging ito. Ipasulat ito sa kanilang dyornal. Bigyan sila ng limang (5) minuto at pagkatapos, pumili ng ilan sa kanila na magbabahagi ng kanilang kasagutan.

Naunawaan ko na…

Binabati kita at ilang hakbang na lamang ay tapos na ang iyong paglalakbay para sa aralin ito. Ang layunin mo sa bahaging ito ay maipakita ang iyong pagkaunawa sa aralin sa pamamagitan ng pagtatanghal ng **masining na pagkukuwento** o mga kauri nito tungkol sa mga pangyayari sa kasalukuyan na may pagkakatulad o kabaligtaran ng mga pangyayari sa maikling kuwento. Maaari ka na ngayong sumubok sa pangwakas na gawain para sa araling ito.

GAWAIN 2.3.1.i: **Inspirasyon Ko, Kuwento ng Buhay Mo**

Sinasabi na kung walang guro, walang anumang propesyon tulad ng doktor, abogado, inhinyero at iba pa. Kaya naman dapat lamang kilalanin ang mahahalagang papel ng kaguruan sa paghubog ng isang kabataan. Marapat lamang na siya'y tumanggap ng pagkilala. Kaakibat ng programa ng Kagawaran ng Edukasyon ay ang Pambansang Kongreso ng mga Guro sa Pilipinas. Ito ay lalahukan ng mga piling guro sa buong Pilipinas, mga tagapanayam, mga superbisor, punong-guro, Filipino *specialist* at buong pangasiwaan ng Kongreso. Ikaw, bilang kampeon sa katatapos na Pambansang Paligsahan sa larangan ng masining na pagkukuwento ay inaanyayahan bilang isa sa mga panauhing pandangal na magtatanghal ng masining na pagkukuwento batay sa paksang *"My Teacher, My Hero"* kaugnay sa pagdiriwang ng *World Teachers Day* bilang pasasalamat sa kanilang buong pusong pagtupad sa tungkulin. Tiyakin mo na ito'y a) orihinal; b) malikhain; c) may pagkakaugnay-ugnay ang mga pangungusap; d) makatotohanan; e) napapanahon; at f) may wastong gamit ng aspekto ng pandiwa.

MGA PAMANTAYAN SA PAGTATAYA SA GINAWANG PAGTATANGHAL NG MASINING NA PAGKUKUWENTO (Kalakip #2.3.1.d)

Ngayon nakumpleto mo na ang araling ito, dumako ka naman sa susunod na aralin, ang ***dula*** *(****Aralin 2.3.2)*** *Halina at simulan mo na ang panibagong aralin.*

Bilang paghahanda sa susunod na gawain, magbigay ng input tungkol sa *masining na pagkukuwento.* Maaaring magpanood sa kanila ng halimbawa ng *masining na pagkukuwento.* (Ito ay dapat na nabanggit na rin sa mag-aaral sa unang araw pa lamang bago ang pagtalakay sa aralin.)

Maaari nang isagawa ng mag-aaral ang gawaing ito. Piliin muna ang boluntaryong mag-aaral. Hingan ng *feedback* ang klase sa ginawang pagtatanghal. Magbigay rin ng *feedback* ang guro.

Isang tuluyan ang dula na kababakasan ng kulturang Pilipino. Ipinakikita rito ang paraan ng pamumuhay noon hanggang sa pag-unlad nito sa kasalukuyan, na naging pagkakakilanlan ng ating lahi. Sa Panahon ng Kasarinlan, naipakilala ng mga manunulat na ang dula ay hindi lamang para sa napakababaw na layuning magbigay ng kaaliwan, sa halip, ito ay maaaring mabisang kasangkapan sa pagbibigay ng kamalayang panlipunan, sa paggising ng damdamin at sa pagpapakilos.

Inaasahan na sa pagtatapos ng araling ito ay masasagot mo ang mga gabay na tanong upang makabuo ng mahahahalagang konsepto para sa aralin. Inaasahang ikaw ay makabubuo at makikibahagi sa pagtatanghal ng dula mula sa orihinal na iskrip na naglalarawan ng ilang pangyayari sa buhay ng isang tao/mga tao sa kasalukuyan batay sa mga kraytirya: a) kaangkupan, b) makatotohanan, c) masining, d) orihinal, e) kaangkupan ng tunog/*props/costume*, f) taglay ang mga bahagi ng dula, g) kahusayan sa pag-arte.

Mga Gabay na Tanong

1. Masasalamin ba ang kulturang Pilipino sa mga dulang pantanghalan sa kasalukuyan?
2. Naging mabisa bang kasangkapan ng mga manunulat sa paghahayag ng kanilang
3. Bakit mahalagang malaman mo ang tamang paraan ng pagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat?

GAWAIN 2.3.2.a: **Pagkakatulad-Pagkakaiba**

Sa tulong *ng Venn Diagram*, ipakita at ilahad ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawa sa mga uri ng panitikan. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat.

Ilahad sa mga mag-aaral ang magiging aralin. Ibigay ang inaasahang pagganap sa mga mag-aaral, ang pakikibahagi sa pagtatanghal ng dula mula sa orihinal na iskript na isasagawa bilang pangkatang gawain. Ibigay rin sa kanila ang magiging pamantayan sa pagmamarka ng kanilang gawain nang sa ganoon ay makapaghanda ang mga mag-aaral sa gawaing ito.

Ipasagot ang mga gabay na tanong sa mga mag-aaral. Ipasulat sa kuwaderno ang kanilang sagot. Bigyan sila ng tatlong minuto upang sagutan ang gawain at limang minuto upang pag-usapan ang mga ito sa kani-kanilang kapangkat. Pumili ng kinatawan ng pangkat na maglalahad ng kanilang napag-usapan.

Sa bahaging ito, hayaan ang mag-aaral na makita ang pagkakaiba ng maikling kuwento at dula. Ipasulat ang sagot sa ibinigay na coupon bond o oslo paper. Bigyan siya ng 5 minuto upang gawin ito.



Ipasagot ang mga Gabay na Tanong sa tulong ng discussion web upang malaman kung ano ang dating alam ng mag-aaral sa aralin at gabay ng guro kung paano niya matutulungan ang mag-aaral na ganap na maunawaan ang aralin.

GAWAIN 2.3.2.b: **Balik-tanawin…**

Balikan mo ang ilan sa araling napag-aralan mo upang masagutan mo ang dayagram.

MAIKLING KUWENTO	PANAHON NG AMERIKANO	PANAHON NG KOMONWELT	PANAHON NG KASARINLAN
PAMAGAT			
PAKSA			
MAY -AKDA			
PANGUNAHING TAUHAN			
ARAL			
DULA	**PANAHON NG AMERIKANO**	**PANAHON NG KOMONWELT**	**PANAHON NG KASARINLAN**
PAMAGAT			
PAKSA			
MAY -AKDA			
PANGUNAHING TAUHAN			
ARAL			

Sa nakasulat na pormat ng talahanayan at *discussion web* (na nasa LM) sa pisara, kartolina o *manila paper*, ipagawa nang dalawahan ang gawain. Bigyan ang bawat magkapareha ng kartolina, at *pentel pen.* Ipakopya ang pormat. Bigyan ng 20 minuto ang mag-aaral sa pagkopya, pagsagot at pagpapalitan ng opinyon sa gawain. Papiliin sila ng lider na magbabahagi sa klase ng kanilang napag-usapan.

GAWAIN 2.3.2.c: **Sang-ayon o Salungat**

Sagutin mo ang sumusunod na mga gabay na tanong sa tulong ng **discussion web**.

Para sa higit na pagkakaunawa mo sa aralin, halika at kilalanin mo ang isa sa napantanyag na manunulat sa Panahon ng Kasarinlan. Pagkatapos mo siyang makilala, basahin at unawain mo muna ang kasunod na dula na isinulat niya noong Panahon ng Kasarinlan.

Dionisio S. Salazar

Tubong-Nueva Ecija na ipinanganak noong Pebrero 8,1919 si Dionision Santiago Salazar. Nagtapos ng kolehiyo sa prestihiyosong Unibersidad ng Pilipinas (kursong AB) at Unibersidad ng Sto. Tomas (para sa kanyang MA). Isa siya premyadong manunulat at hindi matatawaran ang kaniyang husay at galing, patunay na rito ang siyam (9)na nobelang kaniyang isinulat at nailathala na tunay namang maipagmamalaki natin. Nagtamo siya ng iba't ibang parangal gaya ng Carlos Palanca Award, National Balagtas Award, Dangal ng Lahi sa Dula, Manila Cultural Heritage Award, TOFIL Awardee for Drama and Literature at iba pa. Siya ay tunay na huwarang manunulat ng makabagong panahon. Ang kaniyang mga dula ay isang obra maestrang maipagmamalaki nating lahat. Isa siyang premyado at walang katulad ang husay na manunulat na dapat ipagmalaki sa lahat. Ang kaniyang mga isinulat ay dapat tangkilikin sapagkat ito'y sariling atin.

Ipasagot ang mga Gabay na Tanong sa tulong ng discussion web upang malaman kung ano ang dating alam ng mag-aaral sa aralin at gabay ng guro kung paano niya matutulungan ang mag-aaral na ganap na maunawaan ang aralin.

Bago dumako sa pagbasa ng akda, mangyari na ipakilala muna ang may-akda. Maaari isulat ang maikling talambuhay nito sa manila paper, kartolina o kaya'y gawin sa powerpoint presentation. Mangyari magdagdag pa ng iba pang impormasyon ukol sa manunulat upang mas magkaroon ng ganap na kaalaman ang mga mag-aaral.

GAWAIN 2.3.2.d: **Hinuha Mo…Hinuha Ko**

Ang aking hinuha sa pamagat ay _____

_____

Babasahin 3: SINAG SA KARIMLAN NI DIONISIO S. SALAZAR (Kalakip #2.3.2.a)

GAWAIN 2.3.2.e: **Kasingkahulugan(Talasalitaan)**

Basahin ang mga pariralang hango sa dula. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Piliin sa [illegible]g kasingkahulugan ng mga ito at gamitin sa sariling pangungusap. Gawin sa papel.

1. **<u>nagbakbakan</u>** naman seguro.
   Pangungusap:_____
2. masyadong **<u>kontrobersyal</u>**
   Pangungusap:_____
3. **<u>nalalambungan</u>** ng dilim.
   Pangungusap:_____
4. **<u>paglililo'y</u>** nasa kagandahan

Bago ang gawaing pagbasa (o pagsasadula), ipasagot muna ito sa mag-aaral. Ipaskil sa pisara ang mga salitang **sinag sa karimlan.**. Maaaring ilagay ito sa larawan na pabukang liwayway palang. Maaari ring mag-isip pa ng ibang pamamaraan. Pagkatapos ng gawaing ito ay maaari nang ipabasa (o ipadula) ang tatalakaying akda.

Sa pagpapabasa ng akda, maaaring gumamit ng iba't ibang istratehiya ang guro sa larangan ng pagpapabasa. Halimbawa nito ang pangkatang pagbasa na kung saan matapos basahin ang inilaang bahagi sa pangkat, ibubuod nila ito sa pinakamaikling talata.

Pagkatapos maipabasa ang akda, ipasagot sa mag-aaral ang paglinang ng talasalitaan na nasa LM. Maaari itong gawin sa paraang paligsahan sa pamamagitan ng palabunutan. Tatawag ang guro ng mag-aaral. Ang mag-aaral na natawag ng guro ang siyang namang bubunot mula sa *fishbowl* ng papel na naglalaman ng pariralang hango sa dula. Bibigyan niya ito ng kahulugan at pagkatapos pipili namn siya ng kanyang kamag-aral na gagamit nito sa sariling pangungusap. Ipagawa ito sa loob ng limang minuto. Ang pinakamaraming tamang sagot ang magwawagi.

Pangungusap:_____

5. Walang **pagkukunwari**

Pangungusap:_____



mainit na pinag-uusapan

GAWAIN 2.3.2.f: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

Bilang pagpapatunay na naunawaan mo ang iyong binasa, sagutin mo ang sumusunod na mga tanong/gawain.

1. Ilarawan mo ang pagkilos, pananalita, saloobin at paniniwala ng mga tauhan sa dulang iyong binasa. Gawin mong batayan ang kasunod na tsart. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat.

Mga Tauhan	PAGKILOS	PANANALITA	PANINIWALA	SALOOBIN
Tony				
Ernan				
Doming				
Bok				

2. May katuwiran ba si Tony na itakwil ang kaniyang ama? Ipaliwanag.
3. Halimbawang nagkamali ka, paano mo ito maitutuwid?
4. Sa iyong palagay, bakit maraming tao ang napipilitang gumawa ng mga bagay na labag sa batas?
5. Kung ikaw si Tony, paano mo haharapin ang iyong ama sa likod ng kaniyang mga pagkukulang sa inyong pamilya?
6. Anong kalagayang panlipunan ang masasalamin sa dula? May pagkakatulad o pagkakaiba ba ito sa ngayon? Gawin sa papel.

NOON	KALAGAYANG PANLIPUNAN	NGAYON

7. Isa-isahin ang mga bahagi ng dulang "Sinag sa Karimlan" na nagpapakita sa katangian ng isang dula. Gawin sa papel.



Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima (5). Bigyang laya ang bawat pangkat na magpalitan ng kanilang kuro kuro sa mga tanong bilang 6, 7, 8, 9 at 10 sa loob ng 10 minuto.

8. Makatuwiran ba o di-makatuwiran na isisi ng isang tao sa kaniyang kapwa ang masaklap na nangyari sa kaniyang buhay? Bakit?Isulat sa papel ang sagot
9. Sa iyong palagay, naging mabisang kasangkapan ba ng mga manunulat sa panahong ito ang Dula sa paghahayag ng kanilang damdamin, saloobin, opinyon at karanasan?
10. Anong uri ng Dula ang iyong binasa? Ilahad ang mga katangian nito.

URI NG DULA	MGA KATANGIAN
	- - -

11. Tukuyin ang nais sabihin ng may-akda. Punan ang tsart. Gawin sa papel.

Sa Sarili	Sa Ibang tao	Sa Lipunang Ginagalawan

Ang binasa at tinalakay nating akda ay isang halimbawa ng Dula. Maliban sa arsuwela na isa sa uri ng dulang pantanghalan na ipinakilala sa iyo sa naunang aralin (Panahon ng Amerikano), may iba pang mga uri ang dula. Basahin mo ang kasunod na karagdagang mga impormasyon tungkol sa dula at pagkatapos gawin mo ang kasunod na mga gawain.

Ang **dula** ay isang akdang sa pamamagitan ng kilos at galaw sa tanghalan ay naglalarawan ng isang kawil ng mga pangyayaring naghahayag ng kapana-panabik na bahagi ng buhay ng tao. Gaya ng ibang katha, ang dula ay lumilibang, nagbibigay-aral, pumupukaw ng damdamin at humihingi ng pagbabago. Higit na nakapagpapakilos ang dula kaysa sa ibang akda sapagkat bukod sa naririnig ang mga salita, nakikita pa ang kilos at galaw sa tanghalan.

Ang anumang uri ng dula ay binubuo ng mga sangkap na nagpapatingkad dito kung kaya't nararapat lamang na ang isang dula ay hindi magkulang ng sangkap sapagkat ito ang nagsisilbing haligi nito upang lalong makatayo nang buong husay at makulay. Ito rin ang nagdudulot ng kawilihan sa mga manonood. a) **Tanghalan-lugar-** kung saan nagaganap ang mga pangyayari sa isang pagtatanghal; b) **iskrip-** itinuturing na pinakakaluluwa ng isang dula, lahat ng pangyayaring isinasaalang-alang o nagaganap sa isang pagtatanghal ay naaayon sa iskrip; c) **aktor-** gumaganap at nagbibigay-buhay sa dula, sila ang nagpapahayag ng mga diyalogo, nagsasagawa ng mga aksyon at nagpapakita ng mga emosyon sa mga manonood; d) **direktor-** nagbibigay ng interpretasyon at nagpapakahulugan sa isang iskrip; e) **manonood-** mga saksi o nakapanood ng isang pagtatanghal; f) **eksena-** ang paglabas-masok sa tanghalan ng mga tauhan samantalang ang tagpo-ang pagpapalit ng mga pangyayari sa dula.

Nakatulong nang malaki ang Dula sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng panitikan sa Panahon ng Kasarinlan. Naging daan ito upang malinaw na mailarawan ng buo ang kulturang Pilipino at kanilang pangkasalukuyang kalagayang panlipunan. Naipakilala nila ang dula na hindi lamang para sa napakababaw na layuning magbigay kaaliwan kundi maaaring mabisang kasangkapan sa pagbibigay ng kamalayang panlipunan, sa paggising ng damdamin at sa pagpapakilos.

Samantala, kaugnay nito ang pagiging interaktibo ng tao sa pagbibigay ng sariling

Magbigay na ng input ang guro tungkol sa dula. Maaaring nakasulat ito sa kartolina, *manila paper* o sa pamamagitan ng *power point presentation.*

opinyon o reaksiyon hinggil sa kaniyang naranasan, nakita o napanood, narinig at nabasa. Sa pagbibigay ng tiyak na reaksiyon sa mga ito, karaniwang humahantong sa pagsang-ayon o pagsalungat. Basahin ang mga impormasyon tungkol sa tamang paraan ng paggamit ng pahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat.

Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagsalungat

Isang paraan ito upang maging kapaki-pakinabang ang pakikilahok sa anumang usapan o pagbibigay ng mga pala-palagay, opinyon o ideya o kaisipan. Sa paraang ito, mahalagang malaman natin ang mga pananalitang dapat gamitin sa pagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat.

Sa pagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat ay makabubuting pag-aralan o pag-isipan munang mabuti at magkaroon ng malawak na kaalaman ukol sa isyu. Iwasang gumawa ng desisyong hindi pinag-iisipan at maaaring dala ng desisyong itinutulak ng nakararami.

Halimbawa:

***Pahayag na karaniwang nagsasaad ng pagsang-ayon**

Sang-ayon ako. Tama. Iyan ang nararapat. Pareho tayo ng iniisip. Ganyan din ang palagay ko. Oo. Tunay

***Pahayag na nagsasaad ng pagsalungat**

Hindi ako sang-ayon. Mabuti sana ngunit. Ikinalulungkot ko ngunit. Nauuwaan kita subalit. Bakit di natin. Ayaw

GAWAIN 2.3.2.i: **Reaksiyon 1 / 1**

Isulat ang reaksiyon ng mga tauhan sa pangyayari mula sa dula. Gawin sa papel.

a. Pananaw ni Mang Ernan sa buhay
b. Pagbabago ng kaisipan ni Tony sa kaniyang ama

Ibigay bilang input sa mga mag-aaral. Maaari itong nakasulat sa kartolina, *manila paper*, o sa pamamagitan ng *power point presentation.* Hingan ng sariling halimbawa ang mga mag-aaral bago ang mga gawaing kaugnay ng araling ito.

Ibigay ito bilang indibidwal na gawain (Gawain 2.3.2.i, Gawain 2.3.2.j at Gawain 2.3.2.k) ng mga mag-aaral. Bigyan sila ng limang (5) minuto sa pagsagot. Magkaroon na ng pagtataya sa gawaing ito upang malaman kung magkakaroon ng pag-uulit sa pagtalakay kung kinakailangan.

c. Hindi naibigan ni Bok ang ginawang pagsampal ng ama ni Tony
d. Naging tugon ni Padre Abena sa ginawa nina Tony at Mang Luis

GAWAIN 2.3.2.j: **Ilahad Mo, Opinyon Mo**

Pumili ng isa sa sumusunod na paksa at ilahad ang opinyon mo hinggil dito. Gumamit ng mga pahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat at salungguhitan ang mga ito. Sa tulong ng debate, ilahad ang iyong opinyon sa sumusunod na paksa.

a. Dapat basahin at pag-aralan sa klase ang maikling kuwento at dula.
b. Dapat magkaroon ng tamang batas para sa mga inosenteng indibidwal na nakukulong
c. Dapat magkaroon ng pantay na karapatan ang babae at lalaki

GAWAIN 2.3.2.k: **Sumasang-ayon…Sumasalungat**

Suriing mabuti ang mga pahayag. Sumasang-ayon o sumasalungat ka ba sa mga ito? Lagyan ng tsek (/) ang kahong katapat ng iyong sagot at saka ipahayag ang iyong pangangatuwiran sa patlang.

a. Ang pagpapatawad ay mahirap gawin.

☐ Sumasang-ayon ako

☐ Sumasalungat ako

Ang pangangatuwiran ko ay _____

b. Lubos na nakatutulong sa pagbabagong-buhay ng isang tao ang relihiyon.

☐ Sumasang-ayon ako

☐ Sumasalungat ako

Ang pangangatuwiran ko ay _____

c. Ang tao ay sumasama dahil sa kaniyang kapwa.

☐ Sumasang-ayon ako

☐ Sumasalungat ako

Ang pangangatuwiran ko ay _____

Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa tanong na ito. Maaaring magkaroon ng debate sa pamamagitan ng pagtanong sa mga mag-aaral kung sino sa kanila ang sang-ayon at di-sang-ayon na mahalagang matutuhan ang tamang paraan ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat.

GAWAIN 2.3.2.l: **Halaga ng Wika**

Bakit mahalagang matutuhan mo ang tamang paraan ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat? Pangatuwiranan.

GAWAIN 2.3.2.m: **Ilahad…Pananaw Mo**

Ilahad ang iyong pananaw sa tanong na nasa loob ng bilog



Sa pagpapalalim ng kaalaman ng mag-aaral, kuhanin ang mahalagang konseptong kanilang natutuhan sa aralin sa pamamagitan ng pagpapasagot sa mga tanong na nakapailalim sa bahaging ito. Gawin itong pangkatang gawain.

Pangkat 1: Tanong bilang 1

Pangkat 2: Tanong bilang 2

Pangkat 3: Tanong bilang 3

GAWAIN 2.3.2.n: **Bisa sa Isip,Damdamin, Kaasalan**

Buuin ang pahayag batay sa bisang pangkaisipan, bisang pandamdamin at bisang pangkaasalan buhat sa dulang napag-aralan. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat.



Binabati kita! Matapos mong mapalalim ang iyong pag-unawa sa aralin, handa ka nang ilapat ang iyong mga natutuhan sa susunod na bahagi.

GAWAIN 2.3.2.o: **Buhay Ko, Buhay Mo Sa Likod ng Iskrip**

Subukin mo na ngayon ang panghuling gawain sa araling ito. Bilang pagtataya sa iyong natutuhan, isabuhay mo ito sa tulong ng gawaing ito.

Bilang presidente ng Samahan ng Mandudula sa inyong paaralan, ikaw ay naimbitahang dumalo sa gaganaping seminar-worksyap tungkol sa "Dula at Dulang Tagalog sa Modernong Panahon". Isa sa bahagi ng naturang seminar ang pagpapanood ng isang video clip tungkol sa buhay ng isang artistang nagwagi bilang pinakamahusay na aktres o artistang babae sa larangan ng indie film. Batay sa napanood, gagawa ka ng orihinal na iskrip na naglalarawan ng ilang pangyayari sa buhay ng naturang aktres at

Ibigay sa mag-aaral ang sitwasyon na kaniyang isasagawa sa bahaging ito. Bigyan siya ng dalawampung (20) minutong paghahanda para sa kaniyang gagawing presentasyon. Pagkatapos ng presentasyon, makipagpalitan siya ng puna at mungkahi sa iba. Huwag kalimutang magbigay ng papuri o *feedback* sa mag-aaral sa natapos niyang mga gawain na nagpatunay na naunawaan niya ang aralin.

pagkatapos itatanghal ito sa gitna ng mga manonood bilang awput. Tatayain ito batay sa mga kraytirya: a) kaangkupan, b) makatotohanan, c) masining, d) orihinal, e) kaakmaan ng tunog/props/costume, f) taglay ang mga bahagi ng dula, g) kahusayan sa pag-arte at h) nagagamit ang pahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat.

magkakaroon ng pagtataya kung paano mo naunawaan ang mga naging aralin.

Kailangang maisagawa ng mga mag-aaral ang bahaging ito na magpapatunay na naunawaan nila ang paksa sa aralin. Ipakita ang sitwasyon na kanilang isasagawa na nakasulat sa pisara, kartolina, *manila paper* o gamit ang *power point presentation.* Iminumungkahing gawing pangkatan ang bahaging ito. Ibigay ang pamantayan upang malaman na ng bawat pangkat kung paano sila mamarkahan.

Ilipat

Layunin mo sa bahaging ito ang ilipat at isabuhay ang iyong natutuhan sa dalawang aralin. Tatayain ito sa pamamagitan ng sumusunod na gawain.

Ikaw ay opisyal ng Sangguniang Kabataan (SK) ng inyong barangay na naimbitahang maging panauhing tagapagsalita sa gaganaping programa para sa Foundation Day ng inyong lungsod. Layunin mong makapaghatid sa kanilang kaalaman tungkol sa kultura at kalagayang panlipunan ng inyong barangay na katatapos lamang tanghalin bilang *Most Outstanding Barangay* ng Taon. Gagamitin mo bilang presentasyon sa inyong pagsasalita ang ***photo documentary*** na naglalarawan ng kalagayan ng kultura at kalagayang panlipunan ng inyong barangay sa kasalukuyan.

Tiyakin mo na ito'y *a)orihinal/awtentiko; b) malikhain; c) makabuluhan ang mensahe; d) may pagkakaugnay-ugnay ang mga pangyayari at larawan; d) nagtataglay ng elemento ng masining na pagkukuwento; e) masining; at f) may wastong gamit ng aspekto ng pandiwa.*

PANGWAKAS NA PAGTATAYA

Ano ang nalaman o natutuhan mo sa ating aralin? Ilahad ang naramdaman matapos itong matalakay.

Maaaring ipasulat sa dyornal o kuwaderno ng mga mag-aaral ang pagtatayang ito. Maaaring gamitin ang *circle talk.* Mayroon itong 5-6 na miyembro. Ang magkakapangkat ay magbabahaginan ng kanilang sagot. Bigyan lamang sila ng 5 minuto upang masagot ang bahaging ito at 5 minuto upang ibahagi sa kanilang kapangkat ang kanilang naging sagot.

Matapos matalakay ang aralin, NALAMAN KO NA:
1.
2.
3.
4.

Nakadama ako ng _____matapos mailahad ang aralin dahil:
1.
2.
3.
4.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN:

Nalayon subukin natin kung talagang naunawaan mo ang mahahalagang k

Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Ibigay sa bawat pangkat ang gawaing naatasan sa kanila. Isang gawain o tanong lamang sa bawat pangkat. Maaaring idaan sa palabunutan ang pagpili sa gawain. Ang mga gawain o tanong ay nakasulat sa isang *colored paper*. Hikayatin ang bawat pangkat na maging masining at malikhain sa kanilang pagtalakay.

1. Ibigay ang konseptong inilalahad ng *graphic organizer*. Pag-aralan mo ito nang mabuti. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat



2. Bakit mahalagang pag-aralan ang mga akdang pampanitikan sa mga panahong ito?
3. Nakatulong ba ang panitikan upang maging daan ng pagpapahayag ng saloobin, opinyon at katuwiran?
4. Ano ang natutuhan mo sa kabuuan ng araling ating tinalakay? Sagutin ito sa pamamagitan ng pagdurugtong sa mga pahayag na nakasulat sa *Speech Balloon*. Gawin sa papel.

Pagkatapos kong pag-aralan ang mga akdang pampanitikan na sumibol at umusbong sa tatlong panahon, napag-alaman kong
_____
_____.
Naramdaman kong
_____
_____
_____.
Dahil dito, naunawaan ko ang kahalagahan ng
_____
_____
_____kaya_____
_____
_____.

ILAPAT

Binabati kita! At ilang hakbang na lamang at tapos na ang iyong paglalakbay sa modyul na ito. Ang layunin mo sa bahaging ito ay ilipat at isabuhay ang iyong natutuhan sa Modyul 2 sa pamamagitan ng pakikibahagi sa pagbuo at pagtatanghal ng isang ***video presentation*** *na*

Sa bahaging ito ay aalamin kung naunawaan ng mga mag-aaral ang **Modyul 2**. Ito ay pagsasabuhay sa kanilang natutuhan. Ipaliwanag sa bawat pangkat kung paano nila isasagawa ang gawain sa pamamagitan ng pagbibigay ng situwasyon. Ibigay sa kanila ang pamantayan kung paano sila mamarkahan sa gawaing ito.

nagpapakita ng kulturang Pilipino na nananatili pa sa kasalukuyan, nagbago at nawala na. Unawain mong mabuti ang sitwasyon upang maisagawa mo nang buong husay ang gawain.

Isa sa nakatutulong upang mapasigla ang ekonomiya ng bansa ay ang pagpasok ng dolyar sa pamamagitan ng turismo. Marami ang nabibigyan ng trabaho. Kaya naman patuloy sa pagbuo ng iba't ibang programa ang Departamento ng Turismo upang higit na maipagmalaki ang kulturang Pilipino sa buong mundo. Naglalayon na hikayatin ang mga turista na balik-balikan ang Pilipinas dahil sa kagandahang taglay nito. Bilang tagapangulo ng departamento ng lokal na turismo sa iyong probinsiya, layunin mo na hikayatin ang mga turista na balik-balikan ang Pilipinas dahil sa ating pamanang kultural. Kaya ikaw ay naatasan na bumuo at itanghal ang isang **video presentation** na nagpapakita ng kulturang Pilipino na nagpapatunay na ***"It's More Fun in the Philippines"***. Sa nasabing presentasyon ay makikita ang kulturang Pilipino na nananatili, nabago at nawala na sa inyong probinsiya. Ang presentasyon ay batay sa sumusunod na pamantayan: a) batay sa pananaliksik; b)makatotohanan; c)orihinal; d)malikhain; e) may kaugnayan sa paksa; f)napapanahon; g) taglay ang elemento ng pagbuo ng isang **video presentation**.

MGA PAMANTAYAN SA PAGTATAYA SA VIDEO PRESENTATION (Kalakip #2.3.2.b)

VII.PANGWAKAS NA PAGSUSULIT (para sa Modyul 2) (Kalakip #2.3.2.c)

Bigyan ng kopya ang bawat mag-aaral ng pagsusulit na ito. Iwasto ito upang makita agad ang bahagi ng aralin na lubos na naunawaan o hindi naunawaan ng bawat mag-aaral. Gumawa ng *item analysis* upang masuri ang natutuhan ng mga mag-aaral.